# KALATAS

*Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan*

*ISPESYAL NA ISYU* *BASAHIN AT TALAKAYIN* *26 DISYEMBRE 2023*


## Puspusin ang kilusang pagwawasto! Palakasin ang partido! Likhain ang pinakamahigpit na ugnay sa masa at pamunuan silang dalhin sa bago at mas mataas na antas ang rebolusyong pambansa-demokratiko!


**Komiteng Rehiyon ng Timog Katagalugan**
**Partido Komunista ng Pilipinas**
**Disyembre 26, 2023**




Ang Komiteng Rehiyon ng Partido sa rehiyong Timog-Katagalugan, kasama ang mga pulang mandirigma ng BHB at rebolusyonaryong mamamayan ay buong kasiyahang ipinagdiriwang sa araw na ito ang makasaysayang ika-55 anibersaryo ng pagkakatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM). Ipinagdiriwang at ipinagbubunyi natin ang araw na ito nang may mas marubdob at di-nagmamaliw na kapasyahang isulong ang mga tungkulin ng Partido na likhain ang pinakamahigpit na ugnay sa masang Pilipino at kasama nila'y pamunuan ang pagsusulong ng bagong tipong pambansa-demokratikong rebolusyon at dalhin ito sa bago at mas mataas na antas upang hawanin ang daan sa pagkakamit ng ganap na tagumpay sa darating na panahon. Gamitin natin itong okasyon upang balikan ang maniningning na mga tagumpay ng Partido sa nakaraang 55 taon, laluna sa nakaraang isang taon at tukuyin ang ating mga kahinaan, kakulangan at kakapusan at ipanata ang matapat na pagwawasto sa mga ito. Sa araw na ito, sabay-sabay tayong muling susumpa sa harap ng bandila ng Partido tanda ng ating buong kapasyahang tupdin ang mga rebolusyonaryong tungkulin at pangalagaan ang prestihiyo't kapakanan ng Partido at sambayanan, buhay man ay ialay.

Sa dakilang araw na ito, muli nating bigyan ng pinaka-natatanging pagpupugay at parangal ang ika-isang taong pagkamartir ng ating dakilang Tagapangulong Tagapagtatag Jose Maria "Ka Joma" Sison o mas kilala bilang Ka Amado Guerrero. Ang kanyang mga turo at diwa ay buong panahong magbibigay ng tanglaw at liwanag sa pagsusulong natin ng rebolusyon mula ngayon, sa tagumpay at hanggang sa pagtatayo at pagpapatatag ng sosyalistang lipunan sa Pilipinas.

Binibigyan din namin ng pinakamataas na pagpupugay at parangal ang mga martir ng Partido't rebolusyon at ang ating mga dakilang bayani. Natatanging pagpupugay at pinakamataas na parangal ang ibinibigay kay Josephine Mendoza o mas kilala sa pangalang Ka Sandy, kagawad ng Komite Sentral, mahusay na pinuno at tumatayong ikalawang pangalawang kalihim ng Komite ng Partido sa rehiyong Timog Katagalugan na pumanaw dahil sa sakit. Pinakamataas na pagpupugay din ang iginagawad namin kay Dionisio "Ka Toto" Micabalo, namartir na kagawad ng Kawanihang Pampulitika at ng Komite Sentral at tumatayong Kalihim ng North Central Mindanao Region (NCMR).

Pinakamataas na pagpupugay at parangal din ang ibinibigay natin sa mga martir at bayani ng rebolusyon sa taong 2023 habang magiting na lumalaban sa kaaway at tumutupad sa kanilang mga gawain sa rehiyong TK. Sila sina Joseph "Ka Ken" Delos Santos, Dayna Benna "Ka Karen" Glorioso Lagrama, Ricanio "Ka Jenny" Bulalacao at Emmanuel "Ka Angelo" Nazareno ng South-Quezon-Bondoc Peninsula; sina Arc John "Ka Hunter/Ka Baron" Varon, Nancy "Ka Mamay" Looy Yaw-an, Peter "Tagub/Roche" Rivera, Jethro Isaac "Ka Bundo/Pascual" Ferrer, Kure "Ka MC/NY" Lukmay, Abegail "Ka Laura/Esang" Bartolome at Jovit "Ka Aja" Almoguera ng Mindoro; Isagani "Ka Zuge/Ringgo" Isita, Maria Jetruth "Ka Seven/Orya" Jolongbayan, Alyssa "Ka Ilaya" Lemoncito, Precious Alyssa "Ka Komi" Anacta, Joy "Ka Kyrie" Mercado, at Leonardo "Ka Mendel" Manahan; gayundin ang mga sibilyang pinaslang sa Balayan, Batangas na si Pretty Sheine Anacta at Rose Jane Agda. Ang kadakilaan ng kanilang buhay at pakikibaka na walang pag-iimbot na inialay sa pagsusulong ng dakilang bagong tipong pambansa-demokratikong rebolusyon hanggang sa kanilang huling hininga ay buong panahong alalahanin at magiging inspirasyon ng kasalukuyan at mga kasunod na henerasyon ng mga komunista't rebolusyonaryong Pilipino.

Kumpyansado ang Partido na makakamit ng rebolusyong Pilipino ang walang kaparis na paglakas sa mga susunod na panahon sa harap ng pagkabaon ng pandaigdigang sistemang kapitalista sa walang kaparis na krisis na lumilikha ng pandaidigang sigalot kabilang na ang pagputok ng mga inter-imperyalistang gyera sa anyo ng mga digmang *proxy*, maging ang pang-uupat ng imperyalismong US ng gyera sa mga pangunahing karibal nitong bagong usbong na imperyalistang kapangyarihan upang panatilihin ang hegemonya nito sa daigdig. Dinadala ng krisis na ito sa walang kaparis na kalubhaan ang kronikong krisis ng lipunang malakolonyal at malapyudal na ngayon ay pinaghaharian ng rehimeng US-Marcos II.

Sa determinasyon ng Partido at sa epektibong paglubog at pamumuno nito sa masa ng sambayanang Pilipino, tiyak na mapapamunuan nito ang pagdala sa walang kaparis na paglakas ang bagong tipong pambansa-demokratikong rebolusyon sa Pilipinas.

**KALATAS** 26 Disyembre 2023
ISPESYAL NA ISYU

*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*

dagundong.tk@gmail.com
archive.org/details/@southern_tagalog_revolutionary_portal

## I. Labanan ang pang-uupat ng inter-imperyalistang gyera ng imperyalismong US at buong giting na pamunuan ang masa upang ibagsak ang papet na rehimeng US-Marcos II

Nababaon sa pinakamalubhang krisis ng labis na produksyon at kapital sa kasalukuyan ang imperyalismo—ang huli at pinakamataas na yugto ng kapitalismo—kahalintulad kung hindi man mas malala pa sa dinanas na malaking depresyon noong dekada 1930. Ibayo pa itong nalubog at hindi nakaahon sa matagalang depresyon na dinanas mula pa nang pumutok ang bula sa pabahay at krisis sa pinansya noong 2007-2008. Pinatunayan ng masahol na krisis na ito ng imperyalismo ang pagiging bangkarote ng patakarang neoliberal at imperyalistang globalisasyon na sinimulang ipatupad ng mga imperyalista mula dekada 1970. Hindi nito nilutas, bagkus ay lalong pinasidhi at pinabilis ang pagdala sa ibayo pang kalubhaan ng krisis ng imperyalismo sa pandaigdigang saklaw.

Pinatatalas ng krisis na ito ang mayor na mga kontradiksyon sa daigdig ngayon sa ilalim ng imperyalistang paghahari: ang kontradiksyon sa pagitan ng burgesya at proletaryado sa loob ng mga imperyalista't kapitalistang bayan, yaong sa pagitan ng mga imperyalistang kapangyarihan, yaong sa pagitan ng mga imperyalistang kapangyarihan at sa mga bayang kolonya't malakolonya, mga inaapi at pinagsasamantalang mamamayan ng imperyalismo at yaong sa pagitan ng imperyalistang kapangyarihan at mga bansang nagtuturing na sosyalista at mga naggigiit ng kanilang pambansang kasarinlan. Ugat ng kontradiksyong ito ang di-mapagkasundong sistema ng pribadong pag-angkin sa anyo ng tubo at labis na halagang nililikha ng mga manggagawa at mamamayan mula sa sosyalisado, panlipunan at malawakang paggawa ng lipunan.

Sa taong 2023, maging sa pagtaya ng kahihinatnan sa 2024, patuloy na dumanas at dadanas ng matagalang resesyon at istagplasyon ang ekonomya ng pandaigdigang sistemang kapitalista at wala ni anumang palatandaan ng pagbuti. Noong Oktubre, 2023, tinatayang aabot lamang sa 2.1% ang kabuuang tantos ng iniangat ng pandaigdigang produksyon sa taong 2023 mula sa sinundang taon at tinatayang babagsak ito sa 1.5% sa taong 2024.

Binabagabag ang buong daigdig, maging ang mga nangungunang imperyalistang bayan ng napakataas na implasyon mula 5% sa China hanggang 57% sa Europe. Sa US, pinalalala ang kinakaharap na resesyon ng walang kapantay na pagtaas ng implasyon sa nakaraang apat na dekada mula 2022. Artipisyal na napababa ito sa pamamagitan ng pagtataas sa average na 5% sa loob ng 18 buwan ng interest rates sa pagpapautang ngunit tiyak na bubwelta ang negatibong epekto ng solusyong ito dahil sa tiyak na pagbaba at lalupang pagbagal ng pamumuhunan, produksyon, kalakalan at kakayanan sa pagbili ng karaniwang mamamayan. Lalung magiging negatibo ang epekto nito dahil sa katangiang nakaasa sa utang ang buong ekonomya ng US. Nito lamang Agosto 2023, tumaas ng $1 trilyon ang utang sa *credit card* ng mamamayang Amerikano sa kauna-unahang pagkakataon na umaabot na sa kabuuang $17 trilyon. Sa buong mundo, ang US ang pinakanumero unong bansang lubog sa utang sa kabuuang $307 trilyong pandaigdigang utang na imposible ng mabayaran.

Sa Europe, naitala ang €100 bilyon pagkawala ng kita ng nasa 176 kumpanya mula ng pumutok ang gyera sa Ukraine at magpatupad ng mga pang-ekonomyang parusa ang US-NATO sa Russia. Bumagsak ng 1.3% ang produksyong industriyal sa EU mula Pebrero 2022 hanggang Marso, 2023. Pinakamalaki ang ibinagsak sa Germany na itinuturing na pinakamalaking ekonomya sa hanay ng mga bansa sa EU dahil sa mabigat na pag-asa nito sa suplay ng langis mula sa Russia.

Ang China na itinuturing na makina ng paglago ng pandaigdigang kapitalistang sistema sa nakaraang 40 taon ay hindi pa makarekober

matapos ang pandemya. Pumuputok sa China ngayon ang katulad na pagputok ng bula sa imprastraktura na dating kinaharap ng Japan nang pumutok ang Asian Financial Crisis noong 1997. Tinatawag ito ng mga burgis na ekonomista na *balance sheet recession*. Iniresulta ito ng sobra-sobrang pamumuhunan sa larangan ng imprastraktura at ang kasunod na epekto ng pagkabangkrap ng mga pinakamalalaking *construction* at *real estate companies* sa China dulot ng mga di-mabili o maokupang mga *buildings, apartments* at iba pang imprastraktura. Nito lamang Mayo 2023, bumagsak sa 57% ang benta ng *top 100 Chinese developers*.

Hanggang ngayon nanatili ang istagnasyon ng ekonomya ng Japan at hindi pa din ito nakakabawi mula pa nang pumutok ang Asian Financial Crisis noong dekada 1990. Sa tindi ng desperasyon na makaalpas sa krisis, bumabaling sa pagbabalik ng militaristang solusyon ang Japan. Tuluyan na nitong ibinasura ang patakaran na pag-iwas sa digmaan at mula noong nakaraang taon ay nagbuo ng limang taong plano sa pagpapalakas ng kanyang militar at nagiging aktibong bahagi kasama ng US sa pang-uupat ng gyera sa Indo-Pacific laban sa Tsina at North Korea maging sa pagsuporta sa gyera ng US-NATO sa Ukraine.

Lumilikha ng walang kaparis na kahirapan at kaapihan sa masang anakpawis ang krisis na ito at nagtutulak sa kanila para lumaban sa lahat ng paraang posible. Ang pinakamahirap na 50% ng populasyon ng mundo ay nagmamay-ari lamang ng 1% ng kayamanan ng daigdig . Sa kabilang banda ang pinakamayamang 1% ng populasyon sa daigdig ang kumokopo sa 45% ng kayamanan ng mundo, habang ang pinakamayamang 18% ang kumokontrol sa 81% ng kayamanan ng mundo.

Daan milyong manggagawa ang nawawalan ng trabaho sa buong daigdig maging sa mga pangunahing imperyalistang bansa. Sa US, umaabot sa 1.4 milyong manggagawa ang inaalisan ng trabaho buwan-buwan. Hindi ligtas maging ang mga malalaking kumpanya sa high tech tulad ng Amazon, Twitter, Salesforce atbp. Umaabot sa 9 na linggo o katumbas ng halos dalawang buwan na walang trabaho ang manggagawang Amerikano sa loob ng isang taon. Mas malala pa dito ang dinadanas ng mga manggagawa sa UK, maging sa iba pang mga bansa sa EU, Japan, South Korea atbp. Bumabagsak sa walang kaparis ang tunay na halaga ng sahod ng mga manggagawa. Inaalisan kung hindi man ay kinakaltasan sila ng serbisyong panlipunan at pinapahaba maging ang kanilang *retirement age*. Mas kadusta-dusta ang kalagayan sa sahod, serbisyong panlipunan at karapatan ng mga manggagawa sa higit na mas maraming kolonya't mala-kolonyang bansa ng imperyalismo.

Nililikha nito ang pandaigdigang ligalig at sigalot sa anyo ng mga gyerang *proxy* ng mga imperyalista, digmang mapagpalaya ng mga aping sambayanan at pakikibaka ng mga manggagawa sa buong mundo. Nanganganib na pumutok ang ikatlong inter-imperyalistang gyera upang muling paghatian ng pinakamakapangyarihang imperyalista ang daigdig ngunit dahil sa panganib na dala ng gyerang nukleyar kakabit ng ikatlong gyera mundyal, mataas ang porsyentong lilipulin ng digmaang ito ang sangkatauhan kung hindi mapipigilan at kung hindi maitatransporma sa digmang sibil at mga digmang rebolusyonaryo ang pakikibaka ng aping mamamayan sa pangunguna ng uring manggagawa at kanilang mga partido komunista.

Ang imperyalismong US, kasabwat ang UK, Japan at ilang pang bansa sa EU ang siyang nangunguna't may pangunahing pananagutan sa paghahasik ng kahirapan at pambubuyo ng kaguluhan sa daigdig laban sa uring manggagawa't magsasaka at mga sambayanan. Itinutulak ang US ng desperadong hangaring isalba ang sarili sa pagkabaon sa krisis at ipilit na panatilihin ang hegemonya sa dating *unipolar* ngunit nagbago nang *multipolar* na mundo nang umangat ang China bilang isa sa nangungunang imperyalistang kapangyarihan sa daigdig at makipag-alyansa dito ang Russia. Parasitiko at ganid na layunin ng US na panatilihin at ibayo pang palawakin ang saklaw ng kontroladong mga kalupaan at mga bansa sa daigdig upang paglagakan ng kanyang sobrang

produkto't kapital, pagkunan ng mga hilaw na materyales, laluna ng mga *rare earth minerals* at murang lakas paggawa. Upang magtagumpay, kinakailangan nitong pigilan ang paglawak hanggang pakitirin ang sakop at impluwensya sa pulitika, ekonomya't militar ng China at Russia at sipain ang mga ito sa lahat at bawat teritoryo sa mga mayor na bahagi ng Asia, Africa, Europe at Latin America. Ang US na ngayon ang umaangkin sa katayuan ng noo'y paksyong pasista ng imperyalistang Germany at ni Hitler, kasabwat ang Japan at Italy na siyang nagtulak upang maganap ang ikalawang digmaang pandaigdig. Laway na laway ang US na pumutok ang digma sa lahat ng dako ng mundo para lamang isulong ang makitid na interes ng sariling burgesya nito laluna ng pinakamakapangyarihang oligarkiya sa pinansya at monopolyo kapitalista.



Sa pang-uupat ng US-NATO, pumutok ang dalawang taon nang proxy war nito laban sa Russia gamit bilang piyon ang Ukraine. Sinimulan muna nitong labagin ang nilalaman ng Minsk Agreement noong 1991 na hindi magpapalawak ang US-NATO sa mga bansang dating sakop ng nabuwag na USSR. Kabaliktaran, nagpalawak nang husto ng mga papet na estado ang US-NATO sa mga bansa sa Silangang Europa at Balkan States kabilang na sa mga dating sakop ng USSR. Kasunod ay inilunsad nito ang madugong kudeta sa Ukraine upang iupo ang papet nitong si Zelensky kasabay ng malawakang pamamaslang sa hindi bababa 14,000 mamamayan sa Ukraine laluna sa hanay ng mga lahing Rusong Ukrainian na nasa rehiyong Luhansk at Donetsk na paglabag naman sa Minsk Agreement II ng 2015. Sa nasabing kasunduan, kinilala ng US-NATO, Ukraine at Russia ang awtonomya ng republikang mga bayan ng Luhansk at Donetsk. Nalagay sa panganib ang imperyalistang interes ng Russia sa Silangang Europa at sa mga kahanggan nitong mga bansa dahilan upang isagawa nito ang kontra-atake sa pamamagitan ng gyera ng pananakop sa Ukraine. Hindi masukat na kahirapan ang dinanas ng sambayanang Ukrainian sa halos dalawang taong gyerang ito ng US-NATO at Russia. Umaabot na sa 500 libong Ukrainian, kasama ang mga sundalo ang namamatay resulta ng digmaang ito. Kapalit ng buhay at dugong ibinuwis ng mamamayan sa Ukraine at Russia, pinagkitaan naman ito nang husto ng industriyang militar ng US at Britain. Tumaas ng 25% ang kita ng kumpanyang General Dynamic at 6% ang kita ng Northrop Grumman. Ang kumpanyang RTX na gumagawa ng AMRAAM *rocket* ay kumita ng $3 bilyon mula ng pumutok ang gyera.

Ibayo pang nalantad ang numero unong pananagutan ng US sa mga gyerang mapanakop at mga gyera laban sa sangkatauhan nang sumiklab ang armadong pag-atake ng sambayanang Palestino noong Oktubre 7 sa tinagurian nilang Al-Aqsa Flood na klase ng opensiba laban sa mananakop na Israel. Kagyat matapos nito, naglunsad ang Israel ng napakalupit na gyerang henosidyo o paglipol sa lahi laban sa sambayanang Palestino. Magiting itong nilalabanan ng sambayanang Palestino sa pamamagitan ng kanilang mga armadong pwersa na pinangungunahan ng Al Qassam Brigade, malawak at malalim na suporta ng kanilang mamamayan at ng malaon na nilang ginawang mga *tunnel* na umaabot ng mahigit sa 550 kilometro.


Sa kabila ng malawakang pagtutol ng mamamayan at mga bansa sa daigdig, maging ng mamamayang Amerikano sa malinaw pa sa sikat ng araw na ginagawang malupit at labag sa

internasyunal na makataong batas na gyerang henosidyo sa sambayanang Palestino na ginagawa ng Israel, buo at walang kahihiyan ang pagsuporta rito ng US sa lahat ng paraan at lahat ng anyo. Tigmak ng dugo ang kamay ng US at Zionistang Israel sa umaabot na sa mahigit 20,000 Palestino na napaslang sa walang habas na pagbomba sa Gaza at kung saan dalawang-katlo ay mga bata at babae. Buong kalupitang winasak ang ilampung libong tahanan, daan-daang *refugee camps*, ilampung mga ospital kasama ang kanilang mga sasakyan at iba pang kagamitan pati mga tauhan, daan-daang mga simbahan, maging ang mga pinakamatatagal at makasaysayang simbolo ngv pananampalataya, kultura at kasaysayan ng mga Palestino, mga pinagkukunan ng tubig, pagkain, kuryente at komunikasyon. Walang kaparis na kahirapan at pagdurusa ang dinadanas ng mga Palestino resulta ng gyerang ito ng US-Israel at tiyak na magpapatuloy sa mga susunod na araw, buwan at taon.

Dahil sa pananagutan sa gyerang henosidyo sa Palestino, mabilis ang pagkahiwalay ng US-Israel, maging ng UK at iba pang mga imperyalistang bansa sa EU. Nagaganap ang walang kaparis na polarisasyon sa mundo na ginagatungan ng krisis sa halos lahat ng bansa laluna sa loob ng mga imperyalistang bansa. Mataas ang posibilidad na magiging isang panrehiyong gyera ng Arab World laban sa US-Israel ang digma sa Palestino.

Kasalukuyang inihahanda ng US ang entablado ng inter-imperyalistang gyera laban sa China sa Asia gamit ang isyu ng pagigiit ng Taiwan ng kasarinlan sa mainland China, isyu ng Korean Peninsula at pangangamkam ng China sa karagatan at mga isla ng Pilipinas sa West Philippine Sea. Pagpapatuloy ito sa tinagurian niyang Asia Pivot mula pa 2011 upang kontrahin ang paglakas ng China. Nitong 2022, binuo nito ang Indo-Pacific Strategy para palibutan ang China ng mga base militar ng US gamit ang mga papet na estado nito sa Indo Pacific kabilang ang Pilipinas, Taiwan, South Korea at mga kaalyadong imperyalistang Japan at Australia.

Sa higit isang taong paghahari ni Marcos Jr, higit na pinatibay nito ang pagiging malakolonya ng Pilipinas sa US. Nabuo sa serye ng mga pagbisita ni Marcos Jr sa US at ng pagbisita ng mga opisyal ng US sa Pilipinas ang mga kasunduan na ibayong nagpatibay at nagpakinis sa pagsemento sa kaayusang ito. Pinakamayor sa mga ito ang US-Philippines Bilateral Defense Guidlines. Umiikot ang kasunduang ito sa pagtitiyak na gamitin ang Pilipinas bilang kuta ng US sa Asia Pacific alinsunod sa binuo nitong Indo-Pacific Strategy. Para dito, muling pinagtibay ang mga nauna ng kasunduang nabuo tulad ng Mutual Defense Treaty (MDT), Visiting Forces Agreement (VFA), Enhanced Defense Cooperation Agreeement (EDCA) at tiniyak na makapagtayo ng dagdag na mga base militar ang US sa Pilipinas. Kalakip ang pagpapatibay ng mas marami at mas malalaking ehersisyong militar sa pagitan ng mga armadong



pwersa ng US at ng papet na AFP para diumano itaas ang *joint interoperatibility* ng mga pwerang US at AFP tulad ng naganap na pinakamalaking ehersisyong militar noong Abril na nag-imbwelto sa 17,000 pwersa kung saan 12,000 pwersa ay pwersang Amerikano. Kapalit nito ang pagbibigay ng ayudang militar ng US sa Pilipinas na ang malaking bahagi ay sa anyo ng mga pinaglumaang armas ng US para sa AFP. Bahagi rin ng kasunduan ang 123 Agreement na nagpapahintulot sa pagpapasok ng mga kagamitan at sandatang nukleyar ng US sa tabing ng pag-*develop* ng *nuclear power* sa Pilipinas. Sa ngayon, umaabot na sa siyam ang kabuuang base militar ng US sa Pilipinas. Sa mga base militar na ito, namamayani ang batas ng US at hindi ng Pilipinas. Hindi saklaw ng batas ng Pilipinas ang mga sundalong Amerikano, maging ang kanilang kagamitan, anuman ang kanilang gawin na lumalabag sa batas at karapatan ng mga Pilipino at ng Pilipinas. Dahil dito, inilalagay ng US at ni Marcos Jr. ang Pilipinas bilang piyon sa niluluto nitong gyera sa rehiyong Indo-Pacific sa tulad na katayuan ng bansang Ukraine sa Silangang Europa. Napipinto ang walang kaparis na pagkawasak ng buhay at kabuhayan ng mamamayang Pilipino dahil dito.

Sa kabilang dako, sumiklab ang mga pagkilos at pakikibaka ng mga manggagawa sa lahat ng kontinente, laluna sa loob ng mga bansang imperyalista. Nilalabanan ng mga manggagawa ang napakababang pasahod at pagkawala ng kabuhayan. Iginigiit nila ang nakabubuhay na sahod, seguridad sa trabaho, iba pang benipisyo at kanilang karapatan. Nilalabanan din nila ang napakalaking kaltas sa serbisyong panlipunan (subsidyo sa kalusugan, edukasyon, pabahay, retirement age, pagkain atbp na dati nilang tinatamasa ngunit ngayo'y ipinagkakait na sa kanila). Lumalaban ang mga manggagawa, magsasaka at iba pang sektor ng mamamayan sa mga bansa sa pang-uupat ng gyera ng US sa iba't-ibang dako ng mundo. Naglulunsad naman ng armadong pakikibaka para sa sariling pagpapasya ang mga sambayanan sa India, Turkey, Colombia, Myanmar at Pilipinas.

Sa Pilipinas, pinalubha ang pangangayupapa sa US ng papet at ilehitimong rehimeng US-Marcos II ang kronikong krisis ng lipunang malakolonyal at malapyudal sa Pilipinas. Pinakukulo nito tungo sa panibagong pagsambulat ang di-na mapagkasyang yamang madadambong at kapangyarihang paghahatian nina Marcos at Duterte. Dinadala nito sa walang kaparis ang galit at entusyasmo ng masa upang dalhin sa panibagong yugto ng paglakas ang kanilang pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya.

Sa kabila ng napatunayang bangkarote ang patakarang neoliberal at imperyalistang globalisasyon ng imperyalismong US, patuloy pa rin itong mahigpit na hinawakan at ipinatupad ni Marcos Jr. Isa sa pinakatampok dito ang pagpasok ni Marcos Jr. sa RCEP (Regional Comprehensive Economic Partnership) ng China na lalung nagbigay ng pamatay na dagok sa agrikultura ng bansa bilang siyang pangunahing tatamaan matapos na alisin ang taripa sa pagpasok ng mga agrikultural na produkto mula sa ibang bansa. Ito na ang isa sa pinakahuli sa 11 neo-liberal na kasunduang pinasok ng Pilipinas mula ng pumaloob ito sa World Trade Organization (WTO) noong 1990. Nito lamang Disyembre, 2023, muli na namang itinutulak ni Romualdez, pangunahing kampon ni Marcos Jr. sa Kongreso ang pag-amyenda sa Saligang Batas ng Pilipinas na ang ultimong layunin ay bigyan ng 100% karapatan sa pagmamay-ari sa negosyo at lupain ang mga dayuhan sa Pilipinas, gayundin pahintulutan ang walang limitasyong pagtatayo ng mga base militar at pagpasok ng mga armas nukleyar ng US sa Pilipinas at alisin ang mga probisyon ng 1987 na Konstitusyon na nagbabawal dito.

Palulubhain nito ang dati nang atrasado, agraryan at pre-industriyal na ekonomya ng Pilipinas upang tiyaking patuloy itong nagsisilbi sa interes ng imperyalismong US para paglagakan ng sobrang kalakal at pamumuhunan, pagkukunan ng hilaw na materyales, murang lakas paggawa at isa sa mayor na bansang nagsisilbing piyon para panatilihin ang iginigiit nitong hegemonya sa Asia-Pacific. Kasabwat nito ang mga lokal na

naghaharing uring pinakamalalaking kumprador-panginoong maylupa't mga ahente nitong burukrata kapitalista sa bayan.

Wala sa anumang adyenda ni Marcos Jr. ang paglutas sa daan-taon nang problema sa kawalan ng lupa ng masang magsasaka, ang bumubuo sa hindi bababa 60% ng populasyong Pilipino at sa gayo'y ang pinakamalaking pwersa sa produksyon sa lipunang Pilipino. Kabaligtaran, nasaksihan ng bayan ang walang habas na importasyon ng bigas, asukal, sibuyas, karneng baboy at manok, isda at iba pang agrikultural na produkto sa kapinsalaan ng mga magsasakang Pilipino at lokal na agrikultura. Bukod dito, idineklara niyang krusyal ang operasyon ng mapangwasak na pagmimina, pagtatayo ng malalaking dam, konstruksyon ng mga planta sa enerhiya sa tabing ng *renewable energy*, gayundin ang ekspansyon ng mga komersyal na plantasyon, pook panturista at sona sa paggawa. Pinapatay nitong lubos ang masang magsasaka na dati nang lubog sa kumunoy ng kahirapan dahil sa malaganap na kawalan at kakulangan ng lupa na nagreresulta sa napakataas na upa sa lupa, napakababang sahod, napakataas na interes sa pautang, napakataas na presyo ng *farm inputs* at napakababang presyo ng produktong bukid. Winawasak ng liberalisasyon ang industriya ng agrikultura na sa mahabang panahon ay siyang nagsisilbing pundasyon ng ekonomyang Pilipino. Inilalagay nito sa awa ng monopolyo-kapitalistang dayuhan kasabwat ang malalaking kumprador-panginoong maylupa ang kabuhayan ng sambayanan at ng buong bayan. Noong 2022, umabot sa $15.71B ang halaga ng inangkat ng bansa, katumbas ng tatlong beses ang laki sa halaga ng iniluluwas mula sa agrikultura na umabot lamang sa $6.79 na ang ibig sabihin ay mayroong depisitong $9 bilyon. Mula lamang 2012-2022, umaabot na sa 620,399.48 ektarya ng *irrigated lands* ang ikinumbert tungo sa ibang gamit ng mga kumprador-panginoong maylupa. Katumbas ito ng 13% ng kabuuang 4,718,900 ektarya noong 2020. Pinakamalawak na naikumbert sa panahon ni Duterte at unang taon ni Marcos na umaabot sa 240,000 ektarya mula 2020-2022 o taunang abereyds na 60,000 ektarya.

Resulta nito, bumagsak ang produksyong agrikultural, ibayong tumaas ang presyo ng mga pangunahing bilihin. Kumitid ang lokal na ekonomya sa loob ng tatlong magkasunod na kwarto ng 2023. Ayon sa Philippine Statistics Authority, bumagal ang paglago ng *gross domestic product* (GDP) ng bansa noong Abril-Hunyo nang 4.3%, mas mababa sa 6.4% ng nakaraang kwarto at 7.1% sa huling kwarto sa 2022.

Umaabot na sa P55-P66 ang karaniwang presyo ng bawat kilo ng bigas ngayong 2023 mula sa dating P38-P45 noong 2022 samantala, P78-P96 ang karaniwang presyo ng isang kilo ng asukal mula P55-P70. Katumbas ito ng P17-P21 o 44%-46% pagtaas bawat kilo ng bigas at P23-P26 o 37%-42% pagtaas bawat kilo ng asukal. Lampas-lampas na ito sa inaasahang P.10 hanggang P9.75 pagtaas sa presyo ng 43 na batayang bilihin (pagkain at iba pa) sa taong 2023. Noong Setyembre, naitala ang sunud-sunod na pagtaas ng presyo ng langis sa loob ng 11 linggo at ang mga kasunod na pagtaas ng presyo ng bigas at iba pang pangunahing bilihin at mga yutilidad tulad ng tubig, pasahe, *toll fee* at LPG.

Grabeng paglubha ng kakapusan at kahirapan ang direktang epekto nito para sa masang manggagawa at magsasaka, maging sa hanay ng peti-burgesyang lunsod. Lalong lumaki ang agwat sa pagitan ng kita at ng kinakailangang gastos para mabuhay dahil sa malaking pagdausdos ng dati ng lugi't kapos na kita ng masang magsasaka at ng tunay na halaga ng sahod ng mga manggagawa, maging ng kabilang sa mababang peti-burgesya. Sa Occidental Mindoro, naitala ang katumbas na P12 arawang kita ng mga magsasaka sa palayan. Kumikita naman ng P350-400 bawat araw ang manggagawang bukid sa mga nyugan ng rehiyon. Halos kalahati lamang ng nakabubuhay na arawang sahod na P856-P1,189 ang natatanggap ng mga manggagawa na katumbas ng pinakamababang P403 *minimum wage* sa Region XII at P610 pinakamataas na *minimum wage* sa NCR. Walang kwenta at konswelo de-bobo ang ipinatupad na pinakahuling umento sa sahod ng rehimen na P30-P35 lamang. Nawawasak ang

sakahan, itinataboy sa kalunsuran at kabayanan ang mga magsasaka upang magbenta ng lakas paggawa para punuan ang malaking kakapusan sa kita sa kanayunan. Bumabagsak sa pagiging manggagawa ang peti-burgesya. Lalung itinutulak ang mamamayang Pilipino na mangibang bayan sa iba't-ibang dako ng mundo para sa mas mataas na kita sa gitna ng napakatinding krisis, kahit sa napakahirap at napakamapanganib na sitwasyon.

Sinasalamangka ni Marcos Jr ang datos sa kalagayan ng kawalan at kakulangan ng trabaho sa bansa para ipakitang nabibigyan niya ng trabaho ang mamamayan. Pinalalabas niyang umaabot sa 95.5% ang *employment rate* sa bansa, 4.15% lamang ang *unemployment rate* at 10.7% ang *under-employment rate.* Napakalayo nito sa katotohanan. Ayon sa Ibon, noong Marso 2023, umaabot sa 21.2 milyon o katumbas ng 43.3% ng kabuuang 48.6 milyong manggagawa ang kulang sa trabaho na karaniwang nasa impormal na sektor. Kung isasama dito ang nasa 2.4 milyon opisyal na tala ng *unemployed*, aabot sa kabuuang sa kabuuang 23.6 milyon o katumbas ng 48.6% ng mga manggagawa ang wala at kulang sa trabaho. Hindi pa kasama dito ang nasa 12 milyong OFW. Sa taong 2023 lamang, bumaba ng 888,000 ang nagtatrabaho sa manupaktura, 722,000 ang sa *wholesale and retail trade* at 649,000 ang bilang ng nagtatrabaho sa *agriculture and forestry.*

Pumaimbulog pa sa ₱14.48 trilyon ang utang ng Pilipinas. May netong paglaki ito ng P1.2 trilyon mula sa P13.6 trilyon utang na ipinamana ni Duterte. Pinakamalaki ang itinaas




ng utang panlabas na umabot sa P4.58 Trilyon o 8.74% na paglaki kumpara sa 1.75 na paglaki ng domestikong utang.

Sa kabila nito, nasaksihan ng buong bayan ang malawakang pandarambong sa kabang yaman ng bansa ng pamilyang Marcos-Duterte-Arroyo at kanilang mga kasabwat. Kahit ngiwi, pilit na pilit at hindi aprubado maging ng mga burgis na ekonomista, isinabatas pa din ni Marcos Jr. ang Maharlika Investment Fund (MIF). Naglalaway ang pamilyang Marcos at mga kroni nito sa daang bilyong piso mula sa kabangyaman ng bayan na matatarget ng kanilang pandarambong. Para lamang matustusan ang panimulang pondo ng MIF, halos inubos nito ang pondo ng Land Bank of the Philippines (LBP), maging ng Development Bank of the Philippines (DBP). Nalantad ang sobrang kasibaan ni Sara Duterte kung saan pinagpasasaan nito ang pagastos sa 125 milyong pisong iligal na ipinasang Confidential and Intelligence Funds (CIF) sa loob lamang ng 11 araw o katumbas ng higit P11 milyong arawang pagasta. Nalantad din ang kwestyunableng $2 milyon o katumbas na 100 milyong pisong "donasyon" ng mga Marcos-Romualdez sa primera-klaseng Harvard University para sa diumano'y pagpapalaganap ng salitang Pilipino.

Kasuka-suka ang pinagtibay na badyet sa taong 2023 at 2024 na walang iba kundi badyet para sa pasismo at kurapsyon. Parang mga baboy at asong nagbangayan ang mga naghaharing uri sa Kongreso upang paghatian ang anumang maaaring dambungin para sa pambansang badyet. Sa kahulihan, nagwagi ang pamilyang Marcos at ang kanyang pinakamalalapit na kroni. Kinopo ni Marcos ang 43% o katumbas ng ₱2.5 trilyon na nagsisilbing *pork barrel* mula sa naipasang ₱5.768 trilyong badyet para sa taong 2024. Ang mga ito ay nakapaloob sa tinatawag na Special Purpose Funds na nagkakahalaga ng ₱733 bilyon na maaaring sariling pagpasyahan ni Marcos Jr. ang paraan ng paggastos nang hindi na kailangang pakialaman ng Kongreso. Tiba-tiba sina Marcos Jr. at ang kanyang kasapakat sa inilaang ₱1.418 trilyong budget ng kinasusuklamang mga proyektong imprastraktura

na “Build Better More”. Aabot sa kabuuang ₱1.7 trilyon ang mailalagay sa tinatawag na Automatic Appropriations kasama na ang *budget* sa BBM *projects* na hawak ni Marcos Jr. Humahagalpak sa tuwa ang mga malalaking burgesya kumprador at burukrata kapitalistang dikit sa pamilyang Marcos sa tiyak na pagkopo sa kikbak na makukuha mula rito. Bukod pa rito ang CIF ni Marcos na nagkakahalaga ng walang kaparis na P10.14 Bilyon.

Katambal ng pondo para sa pandarambong ay pinalobo nang husto ang pondo para sa pasismo at panunupil sa sambayanang Pilipinong lumalaban kung saan nagkamit ng pinakamataas na pagtaas ang badyet sa depensa ng 21% o katumbas ng ₱282.7 bilyon mula sa dating ₱232.5 bilyon noong 2022. Ilalaan ang mga ito sa napakalaking badyet sa pensyon at pasweldo sa mga sundalo’t pulis at para ipambili ng mga kagamitang pandigma na karaniwan ay mga pinaglumaan ng US tulad ng *multi-role fighter jet,* radar, barko, sistema ng misayl, helikopter, *drone* at mga bomba.

Kabaliktaran, kinaltasan o binawasan ng napakalaki ang badyet sa mga serbisyong panlipunan tulad ng edukasyon, kalusugan, subsidyo atbp. na kailangang-kailangan sana ng mamamayan sa harap ng dinaranas nilang krisis at kahirapan. Babawasan ng P10 bilyon ang badyet sa kalusugan, P28 bilyon ang badyet ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) at ng 5.8% ang badyet ng *30 state colleges and universities* (SUC’s). Dahil dito, pangarap nang gising ang libreng edukasyon para sa malaking mayorya ng mga kabataan. Lalong mamamatay ang mga maysakit na Pilipino ng hindi man lamang nagagamot sa mga ospital. Lalong nawalan ng kapasidad ang gubyernong magbigay ng subsidyo sa mga pinakamahihirap na uri’t sektor ng lipunan.

Resulta nito, lalong lumayo ang agwat sa pagitan ng mayaman at mahirap sa Pilipinas. Ang Pilipinas ang nagtala ng pinakamataas na tantos ng *income inequality* kung saan kontrolado lamang ng 1% ng populasyon ang 17% kita sa bansa habang ang 50% ng populasyon ay tumatamasa lamang ng 14% ng kita ng bayan. Ayon sa inilabas ng Forbes Magazine nitong Agosto 2023, lumaki nang ₱493 bilyon ang pinagsamang yaman ng 50 pinakamayamang Pilipino mula ₱3.9 trilyon tungong ₱4.44 trilyon. Nangunguna sa listahan ang magkakapatid na Sy, kasunod si Manny Villar, Enrique Razon, Ramon Ang at Tony Tan Caktiong. Ang mga pinakamalalaking burgesya-kumprador-panginoong maylupa at burukrata-kapitalistang ito ang may pinakamalalaking kumpanya at lupain sa Pilipinas na nag-eempleyo ng libu-libong manggagawa, karamihan mga kontraktwal at libu-libong ektaryang lupain. Sa kabila nito, patatawarin pa sila ng reaksyunaryong gubyerno ng buwis na nagkakahalaga ng 30 bilyong piso matapos na maipasa ang batas ng CREATE.

Sa kabilang dulo, umaabot sa 50.9 milyong Pilipino o 44.75% ang walang katiyakan sa pagkain o hindi alam saan kukunin ang para sa kasunod na kainan na pinakamalala sa Southeast Asia. Ayon mismo sa World Bank, isa lamang sa 10 estudyanteng nag-*enrol* sa elementarya ang nakakatapos ng kolehiyo dahil sa matinding kahirapan. Kung ihahambing, kailangang magtrabaho ang isang manggagawang may minimum na sahod ng 2.4 milyong taon para matumbasan ang yaman ni Villar.

Ang tindi ng krisis, ang tulak ng US na ipataw ang hegemonya nito, ang lumalakas na impluwensya ng China sa Pilipinas at ang pagiging sagad-saring uhaw sa kapangyarihan kapwa ni Marcos at Duterte ang nagpabilis sa pagkawasak ng alyansang Marcos-Arroyo-Duterte at gumagatong sa napipintong pagputok ng marahas na labanan sa pagitan ng dalawang mayor na paksyong ito ng naghaharing uri sa bansa.

Itinutulak ang pagkawasak na ito ng utos ng imperyalismong US kay Marcos Jr na sipain na si Duterte na nag-uugat sa hibang na plano ng US na tiyaking mahigpit na sementuhin ang kontrol sa Pilipinas bilang kanyang mayor na mala-kolonya sa Asya-Pasipiko alinsunod sa kanyang Indo-Pacific Strategy. Hindi kumpyansado ng buong-buo ang US kay Duterte dahil sa ipinapakita nitong mas

malapit na ugnayan at pakikipagtulungan sa China. Kailangang kailangan ng US ang walang dudang pagkapapet at pagiging asong utusan nitong si Marcos Jr upang mapaglingkod ang Pilipinas sa kanyang plano. Sa isang banda, kailangang kailangan ni Marcos Jr ang malakas na suporta ng US para sa pagtitiyak na mapanatili sa tuktok ng kapangyarihan ng estadong malakolonyal ang pamilyang Marcos-Romualdez hanggang 2028 at lampas pa.

Pagpasok ng 2023, tiniyak ng US at ni Marcos Jr na makonsolida nito ang hawak sa mga institusyon sa depensa kabilang na ang NSA, NSC at AFP-PNP matapos ang ilang serye ng mga garapalang sipaan sa pwesto hanggang mailuklok sina General Andres Centino at ngayon ay si General Brawner bilang Chief of Staff ng AFP, Gilbert Teodoro bilang DND Secretary at General Eduardo Año bilang NSA Secretary. Nagtagumpay din si Marcos Jr na purgahin ang pamunuan ng PNP na mga tinataya nitong matatapat na alagad ni Duterte sa iskemang pagpapabitiw sa mga dating opisyal ng PNP mula pambansa hanggang mga rehiyon sa tabing ng paglilinis sa PNP ng mga diumanong tagasuporta ng sindikato ng iligal na droga.

Sinasakyan ng US at ni Marcos Jr ang malakas na kilusan ng mamamayan para panagutin ang mga Duterte sa kanilang krimen laban sa sangkatauhan at pandarambong. Nagpapahayag ng pagbabago ang pusisyon ni Marcos Jr kaugnay ng pagpasok ng International Criminal Court (ICC) upang imbestigahan at litisin ang mga krimen laban sa sangkatauhan ni Duterte at Bato Dela Rosa. Nakasampa ang *plunder case* laban kay Sara Duterte sa P125 milyong pisong iligal na CIF nito noong 2022. Pinatalsik si Gloria Macapagal-Arroyo bilang *deputy majority floor leader* sa Kongreso. Sa utos ng US kinansela ni Marcos Jr ang 22 proyektong reklamasyon at iba pang proyektong pinasok ng rehimeng Duterte sa China noong siya ay nasa kapangyarihan pa.



Sa kabilang banda, lumalaban ang paksyong Duterte sa paksyong Marcos Jr. Malakas na itinutulak ni Duterte sa basbas ng China ang napabalitang kudeta ng mga retiradong opisyal ng AFP laban kay Marcos Jr. Mismong si General Año, ang kalihim ng NSA at AFP Chief-of-Staff Gen. Brawner ang nagbunyag ng datos at akusasyong ito sa publiko. Binira ng matandang Duterte ang Kongreso na pinamumunuan ni Romuadez bilang isa sa pinakabulok na institusyon sa gubyerno. Hayagan ding binira ni Sara Duterte si Marcos Jr sa pagbubukas nito sa usapang pangkapayapaan sa NDFP sa inilabas na Oslo Joint Statement bilang *"agreement with the devil"*. Napipintong maganap sa susunod na mga araw ang mas hayagan at mas marahas na banggaan ng dalawang mayor na paksyong ito ng mga naghaharing uri na kilalang pinakakriminal, pinakapapet at pinakamandarambong sa mata ng sambayanan.

Hindi matakasan ng nasisirang tambalang Marcos-Duterte ang krimen nila sa eleksyong 2022. Kamakailan, inilantad ng grupong TNTrio, na pinangungunahan ni retired General Elisio Rio kung paano planado at sistematikong dinaya at ninakaw nina Marcos at Duterte ang resulta ng eleksyong Mayo 2022. Ayon sa kanilang pag-aaral sa isinapublikong *reception logs* ng Comelec ay lumalabas na signipikanteng boto na natanggap ng *central* at *transparency server* mula sa NCR, Cavite, Laguna at Rizal ay galing lamang sa iisang *private IP address* na 192.168.0.2. Kasunod nito, inamin ng COMELEC ang paggamit nito ng isang "Telco Exchange-Integrator" sa pagpapasa ng mga boto mula sa mga VCM papuntang Central Data Server, Transparency Data Server at Municipal/City Data Server. Ang Telco Exchange-Integrator na ito, ang lihim na *device* na ginamit upang salamangkahin ang resulta ng eleksyon pabor sa kasuka-sukang

*landslide victory* nina Marcos at Duterte, gayundin upang palabasing natalo ang mga kandidato ng partidong oposisyon at progresibo.

Bigung-bigo ang US at ang mga kasabwat nilang Marcos-Arroyo-Duterte na wasakin ang armado't rebolusyonaryong paglaban ng sambayanang Pilipino sa ilalim ng pamumuno ng CPP (MLM). Sa kabila ng mga pinsala't pag-atras, sobra sa sapat ang napreserbang pwersa't lakas ng Partido, NPA at NDFP upang maging tipunan ng tuloy-tuloy na pagsulong at pagpapalakas ng rebolusyonaryong paglaban ng sambayanang Pilipino. Kasama ng masa, determinado itong pamunuan ang pang-ekonomya't pampulitikang pakikibaka ng sambayanan, magpursige sa pagsulong anuman ang kahirapang haharapin hanggang makamit ang makatarungan at matagalang kapayapaang nakabatay sa kalayaan, demokrasya at sosyalistang bukas. Sinusuportahan ng Partido sa rehiyong TK, sampu ng NPA at rebolusyonaryong samahang masa ang napagtibay na Oslo Joint Statement sa pagitan ng NDFP at GRP bilang positibong hakbang para sa pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan. Habang mahigpit ang tangan nito sa baril at armadong pakikibaka bilang pangunahing anyo ng pakikibaka ng sambayanang Pilipino para sa pambansang kalayaan at demokrasya, nakahanda nitong kumprontahin ang rehimeng US-Marcos II maging sa usapang pangkapayapaan upang lutasin ang ugat ng armadong labanan sa Pilipinas alinsunod sa The Hague Joint Declaration.

Nalalantad at mabilis na nahihiwalay ang rehimeng US-Marcos II sa sambayanang Pilipino. Sa tindi ng kahirapan, pagsasamantala at kaapihang dinadanas ng masang Pilipino, namumuhi ang sambayanan at naitutulak silang lumaban sa lahat ng anyo at paraan upang ipaglaban ang kanilang pambansa at demokratikong interes. Lumalaban ang masang manggagawa para sa nakabubuhay na sahod, regular na trabaho at mabuting kundisyon sa paggawa. Lumalaban ang masang magsasaka at mga katutubo para sa tunay na reporma sa lupa, pagwawakas sa liberalisasyon ng agrikultura, pagkawasak ng kabuhayan at pag-agaw sa kanilang lupain ng mga mapangwasak sa kalikasang pagmimina, proyektong enerhiya't mga plantasyon, kasabay ng pakikibaka para sa pagpapababa ng upa sa lupa, pagpapataas ng sahod ng manggagawang bukid, pagpawi sa usura, pagpapataas ng presyo ng produktong bukid, pagpapababa sa presyo ng *farm inputs* at pagpawi sa lahat ng mga iligal na kaltas sa pagbili ng kanilang produkto. Lumalaban ang masang malaproletaryado sa *jeepney phaseout* at para sa disenteng pabahay at mga kagalingang panlipunan. Nilalabanan ng mga kabataan at kabataang estudyante ang sistema ng edukasyong komersyalisado, mapanupil at kolonyal at nakikibaka para sa libre, makamasa, makabayan at syentipikong sistemang pang-edukasyon sa bansa. Nilalabanan ng lahat ng aping uri at sektor ang neoliberal na patakaran sa ekonomya, ang pagtaas ng presyo ng langis at iba pang mga pangunahing bilihin. Lumalaban ang sambayanan upang igiit ang kanyang di-maipagkakait na karapatan para sa sariling pagpapasya mula sa dominasyon ng US, para sa kanyang karapatan sa malayang pamamahayag, pagkilos, pag-oorganisa upang labanan ang anti-mamamayang patakaran at pinatinding panunupil at terorismo ng rehimeng US-Marcos II. Tuluy-tuloy na itinataas ang paglaban para sa pambansang kalayaan upang wakasan ang patuloy na dominasyon ng US sa Pilipinas.

Nahihinog ang kalagayan para sa walang kaparis na pagsulong ng rebolusyonaryong paglaban at lakas ng sambayanang Pilipino. Iaambag nito ang kanyang ganang kaya upang pigilan at labanan ang pang-uupat ng US ng inter-imperyalistang gyera at kung hindi ay sasamantalahin ang gyera ng mga imperyalista't naghaharing uri upang isulong at kamtin ang kagila-gilalas na tagumpay ng matagalang digmang bayan para sa kalayaan, demokrasya at sosyalismo. Buong giting at mapagpakumbaba itong magiging parte ng rebolusyong Pilipino sa pandaigdigang pakikibaka upang ibagsak ang imperyalismong US, ang numero unong kaaway ng uring manggagawa at aping mamamayan sa daigdig ngayon.




## II. Maniningning na mga tagumpay at mayor na mga kakulangan at kahinaan na dapat maiwasto ng Partido sa TK

Sa gitna ng mga natamong seryosong pinsala sa mga kampanyang supresyon ng rehimeng US-Duterte at ng kasalukuyang rehimeng US-Marcos II, matatag na nakatayo ang Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at walang pagkaputol na napapamunuan nito ang sumusulong na demokratikong rebolusyong bayan sa rehiyong Timog Katagalugan. Ganoonman, kailangang mapuspos nito ang pagwawasto sa mga mayor na kahinaan sa ideolohiya, pulitika at organisasyon upang makapangibabaw sa mga pinsala at pag-atras at muling maikambyo ang pagpapanibagong sigla at lakas ng rebolusyon sa buong rehiyon.

Matatag na nakatayo ang Partido sa rehiyon dahil nananatiling mahigpit ang pagtangan at pagsasapraktika nito sa 10 saligang rebolusyonaryong prinsipyo ng Partido. Ang mga ito ay ang sumusunod:

1. Integrasyon ng unibersal na teorya ng MLM sa teorya at praktika ng rebolusyong Pilipino
2. Pagbatikos at pagtakwil sa modernong rebisyunismo
3. Marxistang pagsusuri na MKMP ang katangian ng lipunang Pilipino
4. Pangkalahatang linya ng BDR
5. Talibang destakamento ng proletaryado at mamamayang Pilipino ang PKP
6. Linya at estratehiya at taktika ng matagalang digmang bayan, malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya batay sa paglawak at paglalim ng baseng masa
7. Rebolusyonaryong linya sa uri sa nagkakaisang prente
8. Demokratikong sentralismo
9. Sosyalistang perspektiba
10. Proletaryong internasyunalismo

Sa gabay ng Komite Sentral, tiniyak ng Komiteng Rehiyon na maisakatuparan ang pagbabalik aral sa mga saligang rebolusyonaryong prinsipyo, pangunahin na sa mga mayor na papel na isinulat ni Jose Maria Sison o mas kilala sa pangalang Amado Guerrero ang dakilang Tagapangulong Tagapagtatag at ideolohikal na lider ng Partido Komunista ng Pilipinas. Masiglang nagbalik-aral ang lahat ng mga komite, maging mga kadre at kasapi ng Partido, laluna yaong mga nasa namumunong bag-as mula antas rehiyon, subrehiyon, probinsya hanggang mga larangang gerilya sa mga sulatin ni JMS. Ipinalaganap ang kopya't naging materyal sa pagbabasa at pag-aaral ang limang (5) bolyum ng mga tinipon at piling sulatin ni JMS mula 1972 hanggang bago siya pumanaw. Pangunahin at hindi nakalimita sa mga ito ang mga dokumento ng Unang Dakilang Kilusang Pagwawasto (UDKP) at Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto (IDKP) na mga sumusunod:

- Iwasto ang mga Pagkakamali at Muling Itatag ang Partido (batayang dokumento ng UDKP)
- Ang ating Mahigpit na mga Tungkulin (o *Our Urgent Tasks*)
- Partikular na Katangian ng ating Digmang Bayan (o SCPW)
- Muling Pagtibayin ang ating mga Saligang Prinsipyo at Iwasto ang ating mga Pagkakamali (batayang dokumento ng IDKP)
- Manindigan Para sa Sosyalismo Laban sa Modernong Rebisyunismo

Upang tiyaking maging isang institusyon ang pag-aaral sa mga sulatin ni JMS ng buong Partido at maging ng kilusang masa, pinagtibay sa inilunsad na tatlong bats ng kumperensya sa EPK na inilunsad sa rehiyon ang pagtatayo ng paaralang JMS.

Tangan ang prinsipyo na ang gawain sa ideolohiya ang dapat na bigyan ng pangunahing timbang upang matupad ang mga tungkulin at gawaing inilatag ng Partido, matagumpay na nailunsad ang tatlong bats ng panrehiyong kumperensya sa Edukasyon-Propaganda-Kultura na sumaklaw sa mayor na mga probinsya at sektor, kapwa sa kanayunan at kalunsuran. Pinag-isa ng kumperensyang ito ang mga makinarya sa EPK sa rehiyon sa mga mayor na tungkuling itinakda ng Komite Sentral mula sa inilabas nitong mga mayor na memorandum na mga sumusunod:

1. Memo 22-1028: Mga Usapin Kaugnay sa Pakikibaka para sa Umento sa Sahod
2. Memo 22-1024: Pag-ibayuhin ang paglaban sa pasistang terorismo ng estado sa kanayunan
3. Memo 2023-01a at b: Paglilinaw at Pagpapaalala sa Ilang Mahahalagang Usapin sa Inilulunsad Nating Armadong Pakikibaka at Pagpapasigla ng mga Taktikal na Opensiba sa buong taon ng 2023;
4. Memorandum 2023-02: Kilusang Pag-aaral sa mga Turo ni Ka Joma;
5. Memo 2023-03: Itaas ang militansya at ahitasyon at malakas na isulong ang mga pakikibakang masang pang-ekonomya at pampulitika;
6. Memo 2023-004: Papag-alabin ang malawak at maigting na paglaban sa pakanang Charter change ng rehimeng US-Marcos II.

Pinagtibay ng kumperensya ang anim (6) mayor na resolusyon sa gawaing EPK sa buong rehiyon at dagdag pang limang (5) resolusyon sa gawaing EPK sa kalunsuran. Ang mga resolusyon na ito ay nabuo para tiyaking magampanan ng gawaing EPK ang mga tungkulin nito alinsunod sa nilalaman ng mga nasabing memorandum ng KTKS. Kailangan pang lubusin ang unipikasyon ng lahat sa mga napagtibay na resolusyon para masabing matiyak na mahawakan at maisakatuparan ng lahat ng mga komite atrgano ng Partido.

Alinsunod sa tagubilin ng Komite Sentral, tiniyak na mabasa at mapag-aralan ng mga kadreng panrehiyon hanggang komiteng seksyon

ang mga artikulo sa inilabas na isyu ng Hunyo, 2023 ng Rebolusyon.

Naging mayor na aralin din ang mga inilabas na pahayag ng Komite Sentral at ng Komiteng Rehiyon sa ika-53 anibersaryo ng Partido at BHB. Bukod dito ang naunang inilabas ng PAKED na aralin kaugnay sa Bakahin ang Burukratismo, Kumandismo at Liberalismo (BUKOL).

Sa tanglaw ng 10 saligang rebolusyonaryong prinsipyo, nilagom ng Partido sa rehiyon ang anim (6) na taong paglaban sa kampanyang supresyon ng tiranikong rehimeng US-Duterte. Kritikal na sinuri ang mga panloob na salik ng mga pinsala at pag-atras, maging ang mga nakamit na tagumpay at pagsulong ng rebolusyon, laluna ng armadong pakikibaka upang bigyang tanglaw ang mga gawain at pwersa alinsunod sa panawagang "Ampatin ang mga Pinsala at Pag-atras! Ipreserba ang Natipong Lakas at Ikambyo Pasulong ang mga Gawain at Pwersa!". Ang papel na ito ang isa sa mayor na nagbigay direksyon at nagtulak sa pagsulong ng mga gawain at pwersa sa taong 2023. Alinsunod sa papel na ito at sa mga inilabas na pahayag ng Komite Sentral sa ika-53 anibersaryo ng Partido at BHB, naisagawa ang mga komprehensibong paglalagom ng mga mayor na Komite sa Teatro't larangang gerilya sa rehiyon. Higit na pinagtibay at pinatalas pa ng mga paglalagom ng mga nakabababang organisasyon ng Partido sa rehiyon ang kawastuhan ng anim (6) na taong paglalagom sa paglaban sa kampanyang supresyon ng kaaway. Sa batayang ito, nailunsad ang mga pagtatasa sa perpormans ng mga kadre at matapat na pamumuna at



pagpuna sa sarili. Naging *rallying point* ang papel na ito upang bigyang inspirasyon ng lahat upang gawin ang buong makakayang dalhin sa tagumpay ang kagyat, kritikal at napapanahong mga rebolusyonaryo't mapanlabang tungkulin.

Nabuo na ang borador ng 25 taong paglalagom ng Komiteng Rehiyon sa Timog Katagalugan na sumasaklaw sa rebolusyonaryong praktika mula 1992 hanggang 2017 alinsunod sa naunang borador na isinumite ng Kalihim at inamyendahan ng KTKR-TK. May partikular at hiwalay na papel paglalagom ang 22 taong praktika ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa.

Hindi nakamit na maisulat ang borador ng pitong (7) taong komprehensibong paglalagom sa rehiyon (2018-2023) dahil sa kakulangan pa ng mga materyales para buuin ang borador na papel. Habang matagumpay na nakapagsagawa ng kanya-kanyang tig-tatlong (3) taong komprehensibong paglalagom ang mga Komiteng Subrehiyon/Probinsya sa kanayunan, nabigo naman ang mga itong magawa ang huling dalawang taong paglalagom at ulat (2022-2023) sa gawain at pwersa at mula sa materyal na ito ay buuin ang kanya-kanyang 5-7 taong paglalagom ng mga organo ng Partido sa Kanayunan. Hanggang ngayon ay hindi pa din nakakapagsumite ng paglalagom ang mga komite ng Partido sa kalunsuran. Mahalagang-mahalaga ang mga ito para buuin ang walong (8) taong paglalagom ng ating gawain sa kalunsuran. Bukod sa mga rekisitong bahagi ito na kailangang kailangan para buuin ang pitong (7) taong komprehensibong paglalagom ng Komiteng Rehiyon.

Muling nagbalik-aral ang mga kadre sa rehiyon sa mga internal na papel ng Komiteng Rehiyon ng Partido sa Timog Katagalugan upang mas mapalalim ang sapul nito sa partikular na rebolusyonaryong kasaysayan sa rehiyon mula ng ito ay maitatag, mga aral sa inilunsad na IDKP, sa panlipunang pagsisiyasat sa rehiyon at sa nilalaman ng partikular na estratehiya sa paglulunsad ng matagalang digmang bayan sa rehiyong Timog Katagalugan. Pangunahing

papel na naging babasahin at aralin dito ang mga sulatin ni Joventud del Fierro (JdF) at Alejandro Montalan (AM) na mga sumusunod:

1. Mga karagdagang klaripikasyon hinggil sa maiinit na usaping hinaharap ng Partido sa pagsusulong ng demokratikong kilusang masa at mga kampanyang masa, November 2006
2. Ilang usapin at suliranin sa taktika sa paglulunsad ng pakikidigmang gerilya sa Timog Katagalugan, February 2007
3. Pagpapaunlad ng mga salik para sa paglitaw ng ilang elemento ng pakikidgmang makilos sa TK, April 2007
4. Labanan at Biguin ang OBL II, June 2007
5. Mahahalagang usapin hinggil sa maiinit na tungkulin ng RKMGG sa kilusang lungsod sa harap ng anti-teroristang witchhunt, October 2007
6. Mga tungkulin at paraan ng paggawa sa kilusang lungsod sa harap ng anti-rebolusyonaryong puting lagim ng teroristang rehimeng Macapagal-Arroyo, October 2007
7. Hinggil sa rebolusyonaryong gawain ng Partido sa mga komunidad ng mga manggagawa at iba pang maralita sa kalunsuran ng TK, December 2007
8. Ang organisasyong militar sa mga erya ng digma para mapalawak ang inisyatiba at pleksibilidad ng pakikidigmang gerilya sa saklaw ng TK, April 2007
9. Pagharap at pagbigo sa white area operations ng Oplan Bantay Laya II (OBL II), May 2007
10. Mga usapin sa estratehiya sa kondukta ng rebolusyonaryong pakikibaka sa TK sa kasalukuyang yugto ng ating digmang bayan, Febrero 2003
11. Karagdagang mga usapin sa pag-unlad ng pakikidigmang gerilya sa TK sa yugto ng ESDEP, February 2010
12. Konsepto at patakaran ng gerilyang operasyon sa mga eryang nasa estratehikong pag-ensirkulo ng kaaway, November 2010

Sa gabay ng sentro ng rehiyon, nagsalin ng mga mayor na sulating MLM at naglabas ng mga dagdag na aralin upang iadres sa antas ng teorya ang mga natukoy na kamalian sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Ilan sa mga mayor na nailabas ang sumusunod:

1. Espesyal na kurso sa Empirisismo—isinaayos batay sa unang burador ng PAKED
2. Espesyal na kurso sa Ampatin na may 3 bahagi:
3. Biguin ang kontra-rebolusyonaryong digma ng kaaway at terorismo ng estado
4. Patatagin ang pamumuno ng Partido at palakasin ang BHB
5. Pakilusin at pamunuan ang higanteng lakas ng mamamayan para sa DRB!
6. Gabay sa pagtalakay at update ng Kurso sa Krisis sa Pinansya
7. Pagsasalin at paggawa ng gabay sa pagtalakay ng Shanghai Text: Ang mga Komunista ay dapat maging abanteng elemento ng proletaryado/KOMAEP
8. Pagsasalin ng How We Won The War ni Vo Nguyen Giap

Bukod sa mga ito, inamyendahan ng Komite ng Partido sa Isla ng Mindoro ang Espesyal na Kurso para sa mga Mangyan at inilabas naman ng Komite ng Partido sa Rizal-North Quezon ang Espesyal na Kurso para sa Kadumagetan.

Sa gabay ng mga nabanggit, tuluy-tuloy na makakapamuno sa sumusulong na demokratikong rebolusyong bayan ang Partido sa rehiyon kapwa sa kanayunan at kalunsuran sa gitna ng nagpapatuloy na pinatinding kampanyang supresyon ng rehimeng US-Marcos II. Sa taong 2023, tuluy-tuloy na epektibong nakikilusan ang mga estratehikong mga probinsya

sa saklaw ng rehiyong TK. Nasasaklaw ng epektibong pagkilos ang signipikanteng bilang ng mga syudad at munisipalidad at ang daan-daang mga barangay. Panimulang naiwasto ang pagiging *army-centric* ng Partido na tinukoy sa nakaraang anim (6) na taong paglalagom sa pamamagitan ng pagtatayo at pagpapalakas ng mga komiteng teritoryal ng Partido sa mga probinsya, distrito at seksyon, kaakibat ng paggana ng mga komite sa teatrong gerilya, subrehiyon at supra-probinsya. Ganoonman, maituturing na nasa panimulang yugto pa lamang ang mga ito at kailangan pang sumulong at lumakas sa paraang komprehensibo, matatag at sustenido. Napreserba, nakukumpuni at patuloy na nagpapalakas ang Partido sa mga mayor na panrehiyong sektoral na kilusang masa. Sa kasalukuyan, malakas na katuwang at binabalikat ng mga bagong henerasyon ng mga kadre ang mabigat at gabundok na gawain sa RKM, sila ngayon ang nagbibigay sigla sa buong rebolusyonaryong kilusan na nagbibigay katiyakan sa muling pagsulong at paglakas sa malapit na hinaharap.

Sa pamamagitan ng mga ito, ibayong lumawak ang inisyatiba't lakas ng Partido sa pag-abot at pamumuno sa pakikibaka ng mayor na mga aping uri't sektor ng masa sa rehiyon. Naisulong at tuluy-tuloy na napamumunuan ng Partido ang pakikibaka ng mga manggagawa para sa nakabubuhay na sahod, ng mga mala-manggagawa sa kanilang karapatan at kagalingan, ng mga magsasaka para sa tunay na reporma sa lupa, ng mga mangingisda't kababaihan sa kanilang kabuhayan at karapatan, ng mga kabataang estudyante para sa kanilang karapatan sa edukasyon at tuloy-tuloy na naibabandila ang linya para sa pambansang kalayaan at demokrasya at ang paglaban ng mamamayan sa mapangwasak sa kabuhayan at kalikasang mga proyekto ng papet na estado. Hindi kailanman napatahimik ang pakikibaka ng mamamayan ng rehiyon sa pasismo, pamamaslang/*extra-judicial killings, red tagging*, pagbabansag ng terorista sa mga rebolusyonaryo, progresibo at nakikibakang mamamayan at iba pang mapanupil na mga aksyon ng rehimen. Tuluy-tuloy na naging maingay at sa isang antas ay lumalakas ang kilusan para sa pagtatanggol sa karapatang pantao. Binibigyan ng pulang saludo't komendasyon ng Partido ang mga kadre at kasapi, mga aktibistang masa at ang masa sa kanilang walang takot na pagharap at paglaban sa pang-aatake ng kaaway upang ipagtanggol ang karapatan ng mamamayan sa gitna ng lubhang mapanganib at panggigipit dulot ng pinatinding puting terror gamit ang AFP-PNP-CAFGU at ang Anti-Terrorism Law.

***"Patuloy na napreserba at nalikha ang sapat na lawak at lalim ng rebolusyonaryong masa sa mga larangang gerilya sa harap ng walang tigil na relatibong paglawak at pagkitid sa proseso ng pakikipaglaban sa pangwawasak ng kaaway."***

Patuloy ang mahigpit na tangan ng Partido sa baril at sa pagsusulong ng matagalang digmang bayan sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na pamumuno sa BHB at pagsusulong ng armadong pakikibaka sa rehiyon. Sa kabila ng mga malalaking pinsalang dinanas ng mga larangang gerilya, patuloy na napagtagumpayang mapreserba ang sapat na lakas ng armadong pwersa sa mga larangang gerilya sa mayor na mga probinsya sa rehiyon. Patuloy na napreserba at nalikha ang sapat na lawak at lalim ng rebolusyonaryong baseng masa sa mga larangang gerilya sa harap ng walang tigil na relatibong paglawak at pagkitid sa proseso ng pakikipaglaban sa pangwawasak ng kaaway. Naitala ang matatagumpay na gawaing reaktibasyon at rekoberi, maging ang gawaing pagpapalawak sa signipikanteng bilang ng mga bayan sa taong 2022-2023 relatibo sa nakaraan. Pinakamabunga ang gawain sa mga eryang napapamunuan ang pakikibaka ng mga magsasaka at mamamayan para sa lupa, kabuhayan, karapatan at kagalingan. Nabibigo ang layunin ng kaaway na wasakin maging ang malaking bahagi ng baseng masang walang tigil na tinutukan nito ng malupit at mapanlinlang na kampanyang pangwawasak ng kaaway.




Naipagtagumpay ang ambus ng BHB sa Brgy. Mapulot, Tagkawayan, Quezon na lumipol sa isang iskwad na pwersa ng kaaway at nagkumpiska sa 5 HPR mula sa kanila noong Setyembre 5, 2023. Muling inilagay sa unahan ng tagumpay ng ambus na ito ang katotohanan ng nagpapatuloy na pagsulong ng armadong pakikibaka sa lalawigan ng Quezon at sa buong rehiyon at ang kabiguan ng kaaway na tuluyang wasakin ang BHB. Bukod dito, binigo ng BHB sa maraming pagkakataon ang mga nakapokus na operasyon, mga *pinpoint* na mga *strike operations* na inilunsad ng kaaway laban sa BHB, maging ang mga operasyong pangwawasak ng base ng kaaway. Naisagawa sa maraming pagkakataon ang aktibong pagdepensa laban sa mga umaatakeng kaaway at nag-iwan ng makabuluhang pinsala sa tropa ng pasistang pwersa.

Naging kumprehensibo ang mga inilabas na propaganda-kultura *output* sa taong 2023 alinsunod sa kampanyang Ampatin. Gayundin, tuluy-tuloy na nakapaglabas ng iba't ibang anyo ng propaganda sa rehiyon — sa ligal o lihim — na makikita sa samu't saring lumalabas na pamamahayag na nakasulat, biswal, awdyo, bidyo at mga *releases* sa *social media.* Naging masigla rin ang mga kultural na pagtatanghal sa sona at kalunsuran. Naging makulay ang mga protestang bayan, gayundin ang mga selebrasyon sa sonang gerilya tuwing anibersaryo ng Partido, BHB at NDFP. Naging masigla at makabuluhan ang iba't-ibang anyo ng propaganda upang bigyan ng pinakamataas na parangal ang kadakilaan ng buhay at pakikibaka ng mga martir at bayani ng rebolusyon at sambayanan laluna ng mga dakilang lider ng Partido at rebolusyong Pilipino.

Inilagay sa unahan ng propaganda ang kawastuhan ng pambansa-demokratikong rebolusyon at ng matagalang digmang bayan na isinusulong ng Partido, BHB at NDFP. Malakas na nilabanan ang linyang kontra-terorismo ng mga kaaway ng sambayanan at matalas na ipinagiitan ang pagiging makatarungan ng armadong pakikibaka, paglaban at pagrerebolusyon sa papet, tiwali, kriminal at mandarambong na mga naghahari.

Naging maingay ang propaganda para panagutin ang AFP-PNP sa mga krimen sa mamamayan kagaya ng pambobomba sa mga komunidad, paglabag sa karapatang tao at pagsasampa ng gawa-gawang kaso sa bisa ng Anti-Terrorism Law. Mabilis ding tumutugon ang kampanya at propaganda sa mga lokal na pakikibakang bayan kagaya ng lupa at sahod; gayundin sa mga pangkalikasang usapin. Naging tampok sa mga pangkalikasang labanan sa propaganda ang pagkakampo ng mamamayan ng Brooke's Point, Palawan at Sibuyan Island, Romblon laban sa pagmimina sa kanilang lugar; gayundin ang pagpapanagot sa mga kumpanya ng mga burgesya kumprador partikular ang mga operasyong mina sa malawakang pagbaha sa rehiyon, at ang naganap na *oil spill* sa karagatan ng Mindoro. Iba pang naging maingay na laban ay ang pagkundena sa *mandatory* ROTC ng mga kabataang estudyante, pagtutol sa *jeepney phaseout*, paglaban sa mga mapanirang proyektong dam (Rizal-Laguna-NQ), pagsuporta sa pakikibaka ng mamamayan ng Palestine at iba pa.

Sa iba't ibang anyo ng propaganda at kultura, kapansin-pansin lamang na nahuhuli ang anti-pyudal na katangian ng mga propaganda. Ang naging tampok at maingay na anti-pyudal na laban sa rehiyon ay ang pagsasara ng CADPI, na patuloy na tinututulan ng mamamayang Batangueño hanggang sa kasalukuyan. Nararapat itong habulin at paramihin kasabay ng pagtindi ng pasismo upang patibayin ang diwa ng nakikibakang mamamayan.

Samantala, kailangan pang tiyakin na nakakalapag sa malawak na masa ang mga materyales sa propaganda at ang ating linya't panawagan. Matutukoy din na walang nakuhang ulat para makita kung paano naitatransporma ang masiglang gawaing prop-kultura sa dumaraming mamamayang napapakilos sa kanayunan at kalunsuran, laluna sa kalunsuran kung saan higit na naroon ang konsentrasyon ng higit na nakararaming mamamayan sa rehiyon. Kailangang makaalpas sa daan-daang pwersang napapakilos tungo sa libu-libong mamamayan na tumutungo sa mga lansangan para magprotesta at sumasampa sa kanayunan para mag-ambag sa armadong pakikibaka.

Sa kabila ng lahat ng ito, malalaki pa ang mga kailangang gawin sa pagpuspos ng kilusang pagwawasto upang ganap na iwasto ang mga pagkakamali na nagsisilbing mga batong pabigat na patuloy na pumipigil sa ating pagsulong at humihila sa atin sa mga pag-atras at pinsala. Pangunahin sa mga ito ang mga malalaking manipestasyon ng suhetibismo na ang pangunahing dapat puruhan ay ang empirisismo sa ideolohiya; maluwag na pagtangan sa prinsipyo ng linyang masa kaakibat ng patuloy na pag-iral ng konserbatismo-pasibidad-gerilyaismo't kaisipan ng rebeldeng lagalag, sibilyanisasyon, buntotismo at mga hibo ng pagiging empleyado sa pulitika at burukratismo, lokalismo, liberalismo-sentimentalismo sa larangan ng organisasyon. Mga kaisipan at istilo't paraan ng paggawa itong pinuruhan na nating tukuyin at panimulang iwinasto sa inilunsad na kilusang pagwawasto noong 2016 ngunit hindi na napuspos nang dumagan ang pinatindi, pinasinsin at matagalang kampanyang supresyon ng kaaway. Sa gayon, kahima't nakagawa tayo ng mga tagumpay at pagsulong laluna hanggang 2017-2018, hindi ito nasustine, naging pauntol-untol at maliitan. Hanggang nitong 2023, pangita na hindi pa naampat ang mga pinsala at hindi pa natin nababaliktad ang negatibong tunguhin sa ilang mayor na bahagi ng ating rebolusyonaryong gawain at pwersa sa kanayunan at kalunsuran. Kailangang kailangan pa nating puspusin ang kilusang pagwawasto kasabay ng pagsasakatuparan ng ngipin sa ngiping pakikipaglaban upang magtagumpay na tuluyang ampatin ang mga pinsala at pag-atras at makamit ang pagpapanibagong sigla ng mga rebolusyonaryong gawain at tungkulin sa rehiyon. Sa ganito lamang natin maaaring masagpang ang napakapaborableng kalagayan upang lumikha ng mga dakila at higanteng hakbang na dalhin sa bagong yugto ang paglakas ng Partido at demokratikong rebolusyong bayan.

Bagamat naiabante na ang pagpapasigla ng kilusang pag-aaral sa MLM, sulatin ni JMS, mga napapanahong aralin at papel na inilalabas ng KS at KR, limitado lamang ito sa mga namumunong kadre at komite at hindi pa nagiging kilusang pag-aaral sa malaking bahagi ng organisasyon ng Partido. Hanggang ngayon, matumal ang kilusang pag-aaral sa tatlong antas na kurso ng Partido sa halos lahat ng mga organisasyon ng Partido sa kanayunan at kalunsuran. Pailan-ilan lamang ang nailulunsad na edukasyong pampartido ng mga organo ng Partido laluna ang nasa antas ng sangay at mga seksyon at may ilan pang wala talagang nailulunsad. Malaking kakapusan ang hindi agad pagkukumpuni ng mga nawala at huminang makinarya sa gawaing edukasyon sa malaking bahagi ng organisasyon ng Partido kapwa sa kanayunan at kalunsuran. Kaakibat nito ang hindi paggana ng signipikanteng bilang ng mga opisyal sa edukasyon ng mga organo ng Partido. Sa kanayunan at mga larangang gerilya, praktikal na suliranin kung paano iaabante ang kilusang pag-aaral sa harap ng walang puknat na mga nakapokus na operasyon ng kaaway laban sa mga yunit ng BHB at rebolusyonaryong baseng masa. Tampok na pamamaraang nagamit sa rehiyon ang pagtutok sa mga maiikling kurikulum na tumutumbok sa mga pangunahing pangangailangan sa teorya upang lutasin ang bara sa gawain sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Naging praktika naman ng ilan ang pagtatayo ng mga *mobile school* at *staggered* na paraan ng pagbibigay ng pag-aaral. Ganunman, madalang pa ang praktikang ito at iilan lamang ang inaabot at napapagtapos.

Nasa proseso ang pag-apdeyt sa panlipunang pagsisiyasat sa rehiyon. Nagawa ang panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri sa uri sa antas isla, munisipalidad at mga panrehiyon at pamprobinsyang isyu. Pangunahin sa mga ito ang panlipunang pagsisiyasat sa isla ng Mindoro, panlipunang pagsisiyasat sa kalagayan ng uring manggagawa sa rehiyon (kailangan lamang itong iapdeyt dahil hanggang 2018 lamang), pagsisiyasat sa kalagayan ng sahod ng mga manggagawa sa rehiyon, kalagayan ng industriya ng asukal sa Batangas, kalagayan ng produksyon ng palayan sa Occidental at Oriental Mindoro, kalagayan ng katutubong Mangyan at Kadumagetan, kalagayan ng mga lupain sa dalawang munisipalidad sa Mindoro, mga pangunahing isyung pamprobinsya sa pangisdaan at reklamasyon sa probinsya ng Cavite at isyu sa mina sa Batangas. Naging materyal ang mga pagsisiyasat na ito upang maitakda ang linya't taktika, maging mga target ng pakikibakang masa sa mga nabanggit na lugar, uri't sector at dahil dito'y napagtagumpayan ng Partido na mapamunuan ang pakikibaka ng mamamayan at makapagkamit ng mga solidong tagumpay.

Habang nagawa ang mga ito sa ilan, mapapansin na hindi pa din nagagawa ng malaking mayorya ang pagkumpleto ng komprehensibong panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri sa uri sa kani-kanilang saklaw laluna sa antas ng mga probinsya, distrito at seksyon at ng mga panrehiyong sektoral na kilusang masa. Dahil sa kakapusang gawing buo at isentisa ang mga panlipunang pagsisiyasat, may tendensyang maging makitid, baha-bahagi, taktikal at hindi buo ang mga naitatakdang estratehikong direksyon sa pagsulong, pagsasaktuparan sa itinatakdang linya't taktika sa gawaing masa laluna sa mga inilulunsad na laban. Sa gayon, hindi natutumbok ang mga mayor na dapat diinang erya, uri't sektor at hindi natutumbok ang mga mayor na dapat diinang pakikibakang masa sa kanayunan at kalunsuran. Madaling mahila sa mga sekundaryo't taktikal na mga isyu, laban at usapin at sa gayo'y hindi nagiging solido at sustinido ang nagiging pagsulong. Lalung napakahalaga nito ngayon sa harap ng kumplikadong sitwasyon ng harabas na pangwawasak ng kaaway sa rebolusyonaryong pwersa sa kanayunan at kalunsuran. Ganondin dahil sa napakaraming usapin at isyung sumusulpot sa halos lahat ng erya dulot ng katindihan ng krisis ng lipunang mala-kolonyal at malapyudal.

***"Gahigante pa ang kailangang gawing hakbang upang iwasto ang paglabag o maluwag na pagtangan sa Marxistang prinsipyo ng linyang masa tungo sa matagumpay na paglubog at paglikha ng pinakamahigpit na ugnay sa malawak na masa bilang siyang tanging paraan upang magtagumpay tayong buuin ang dambuhalang rebolusyonaryong lakas na siyang gagapi sa kaaway."***

Sa kanayunan, pangunahing naapektuhan nito ang pagsusulong ng kampanyang anti-pyudal bilang susing kawing ng gawaing masa sa kanayunan. Sa kongkreto, naiiwan ang eryang may sapat na populasyon at paborableng kalupaan, maiinit na laban at maigting ang tunggalian ng mga uri dahil sa pagbabad sa mga eryang malawak nga ang kalupaan ngunit napakanipis naman ng populasyon. Naitulak din ito ng konserbatibo at pasibong pagharap sa pangwawasak ng kaaway kung saan ampaw at artipisyal na nakikita ang preserbasyon ng pwersa at sarili sa malalawak na kalupaang ito. May mabigat na implikasyon ito sa paglikha ng malawak, malalim at malakas na rebolusyonaryong kilusang magsasaka na susi sa pagtatayo ng di-malulupig na baseng masa sa kanayunan upang maisulong ang malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya.

Sa kalunsuran at malalaking sentrong kabayanan, naaapektuhan din nito ang dapat na pangunahing tutok ng gawaing AOM sa hanay ng uring manggagawa, mala-manggagawa at kabataang estudyante. Dapat na muling ipaalala at bigyang diin na ang tungkulin ng rebolusyonaryong kilusang masa sa kalunsuran, partikular ng mga

komite ng Partido sa mga teritoryo na ang mga uring dapat na pokusan ng gawaing pag-oorganisa ay ang masang manggagawa, mala-proletaryado, at kabataang estudyante, kung gayon sa ganito din dapat naka-ayon ang deployment, pakat at pagsasanay ng mga kadreng sa kasalukuyan ay manipis pa ang bilang.

Ang mababaw na pagagap sa teoryang MLM at pagsapol sa kalagayan ng mga uri dahil sa walang sistematikong panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri ng mga uri ang ugat ng malakas ng emperisismo sa paraan ng pamumuno at paggawa. Para itong taong naglalakad nang nakapiring na nangangapa sa dilim sa tatahaking direksyon. Ang empirisismo ay isa sa dalawang mukha ng suhetibistang pag-iisip na nagtuturing na ang mga karanasang pandama lamang (perseptwal) ang pinagmumulan ng kaalaman. Kabaligtaran ito ng dogmatismo, ang ikalawa sa dalawang mukha ng suhetibistang pag-iisip na pagsamba sa kaalamang-aklat nang walang ginagawang panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri sa mga uri at gumagamit ng mga salitang di maintindihan at pangkalahatan nang hindi inuunawa ang kongkretong kahulugan at aplikasyon sa tunay na buhay ng mga terminong ginagamit sa mga babasahin at diskusyon.

Empirisismo ang paglimita sa kaalaman sa personal na karanasan ng isang indibidwal o maliit na grupo sa halip na pagkuha ng kaalaman sa mga kolektibong praktika at akumuladong karanasan ng Partido at buong rebolusyonaryong kilusan. Iniiwasan nitong unawain ang iba't ibang rekisito sa rebolusyonaryong kilusan at ang pangkalahatang direksyong dapat tahakin nito. Dahil sa makitid na pag-iisip, baha-bahagi ang di malayong pagtanaw na iniaanak ng empirisismo, mabubulag at malilihis sa pulitika ang isang empirisista.

Gahigante pa ang kailangang gawing hakbang upang iwasto ang paglabag o maluwag na pagtangan sa Marxistang prinsipyo ng linyang masa tungo sa matagumpay na paglubog at paglikha ng pinakamahigpit na ugnay sa malawak na masa bilang siyang tanging paraan upang magtagumpay tayong buuin ang dambuhalang rebolusyonaryong lakas na siyang gagapi sa kaaway.

Iniadres at sinikap na iwasto ang pagkukutang bundok, pagbabad at pamamaborito sa iilang mga sityo at baryo na paborable ang kalupaan ngunit manipis ang masa. Ang kamaliang ito ang isa sa mayor na tinurol sa nilagom na naging dahilan ng pag-atras sa anim (6) na taong kampanyang supresyon ng kaaway. Ngunit sadyang napakalaki pa ang kakapusan at kailangang gawin para ganap itong maiwasto. Sa kanayunan at mga larangang gerilya ng BHB, mayor at estratehikong usapin kung paano gagawin ang matapang at mapangahas ngunit masinop at maingat na pakikipagitgitan sa kaaway sa mga paborable ngunit populadong kalupaang pinaninirahan ng masang magsasaka at makapaglunsad ng epektibong gawaing pampulitika sa mga ito sa harap at sa gitna ng ibayo pang sustinido, masinsin at walang puknat na mga nakapokus na operasyon at operasyong pangwawasak ng base ng kaaway.

Kailangang kailangan itong mapagpasyang lutasin. Singkahulugan din ng kamatayan ng Partido at BHB kapag nagtagumpay ang kaaway na mapigilan itong makapaglunsad ng epektibong gawaing pampulitika sa hanay ng masa. Kongkretong nilalaman ng gawaing pampulitika ang pagtitiyak na maisakatuparan ang tatlong sangkap ng matagalang digmang bayan: pagsusulong ng armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo at pagtatayo ng base. Sa gayon, dapat na hawakan bilang pangunahin at nangungunang kunsiderasyon ang pagtitiyak na magawa ang gitgitang opensibang pakikidigma ng pagtatanggol upang tiyakin ang di-napuputol na ugnayan ng Partido at BHB sa malawak na masa sa lahat ng pagkakataon. Isa itong buhay at kamatayang usapin para sa Partido, BHB at rebolusyong Pilipino. Ikintal sa isip ng lahat ng mga kadre at kasapi ng Partido at mga opisyal at mandirigma ng BHB na ang masa at ang masa ang ating tunay na malawak at malalim na kalupaan at malawak at makapal na kagubatang mapagkukunan ng di-masasaid na balon at di-

magagaping rebolusyonaryong lakas at dapat gawin ang buong makakaya anuman ang kahirapan, sakripisyo at kagipitang dadanasin na likhain ang pinakamalawak, pinakamalalim at pinakamahigpit na ugnayan sa kanila. Kasabay ng mahigpit na paghawak sa saligang prinsipyong ito, dapat lutasin ng Partido na namumuno sa digma sa operasyunal at taktikal na antas paano ito matitiyak na maisakatuparan. Dapat magpakahusay sa pagkukumbina ng lahat ng anyo at tipo ng pakikibaka: armado-di-armado, ligal at iligal, hayag at lihim, pakikibaka sa kanayunan, kalunsuran at kabayanan, pakikibaka sa mabundok, interyor, kailugan, laylayan, kapatagan, sentro, tabing hiway-kalsada hanggang panabihang dagat at pakikibaka sa loob at labas ng bansa. Dapat magpakahusay ang lahat ng yunit ng BHB sa pagsasakatuparan ng saligang kilos gerilya ng pagkokonsentra, dispersal at napapanahong paglilipat-lipat ng pwersa. Nangangahulugan ito ng pagkokonsentra ng pwersa upang makapagkonsolida, maglunsad ng taktikal na opensiba at magsagawa ng aktibong depensa't pagtatanggol; kumalat mag*disperse* upang abutin ang malawak na masa, lumikha ng mas maraming bakas at alisan ng pirming nag-iisang target ang kaaway; at isagawa ang napapanahong pagliipat-lipat ng pwersa upang alisan ng pirming target ang kaaway, iwasan ang kanyang malakas na pwersang umaatake, abutin ang mas malawak na lugar at masa, umikot at hanapin ang mahinang pwersa ng kaaway upang doon ito durugin sa isang planadong taktikal na opensiba. Sa lahat ng pagkakataon, susing usapin ang pagtitiyak ng pirming ugnay sa baseng masang patuloy na lumalawak at lumalalim.

Sa kalunsuran, malaking usapin kung paano tuloy-tuloy na makalubog at makapaglunsad ng epektibong gawaing pampulitika sa hanay ng manggagawa, mala-manggagawa sa mga pabrika't komunidad at kabataang estudyante sa kanilang mga eskwelahan at sa iba pang demokratikong uri't sektor. Kailangang iwasto ang maluwag na pagtangan sa dapat na pangunahing diin sa pagkilos at pagpapalakas una sa lahat sa uring manggagawa, pangalawa, sa malamanggagawa at pangatlo sa hanay ng kabataang estudyante. Dapat na sapulin na sa pagsusulong ng rebolusyonaryong kilusang masa sa kalunsuran, pangunahing magpalakas sa hanay ng uring manggagawa, mala-manggagawa, kababaihan, kabataan at petiburgesya sa kalunsuran. Habang malaking suliranin ang pagpapalawak ng naoorganisang mamamayan sa mga hayag na pambansa-demokratikong organisasyong pinamumunuan ng Partido, malaking suliranin din ang pagpapasigla at ibayong pagpapalalim at pagpapalawak ng rebolusyonaryong kilusang lihim na Partido at di-Partido sa hanay ng masa upang buuin ang solidong lakas.

Sa kilusang manggagawa kailangang maagap na iwasto ang ilang manipestasyon ng konserbatismo, legalismo, ekonomismo, at repormismo. Mapapansin ang manipestasyon ng konserbatismo sa gawaing pagpapalawak, na sa kabila ng matindi ang kahirapang dinaranas ng masang manggagawa dahil sa mababang sahod at kawalang kaseguruhan sa trabaho dahil sa kontraktwalisasyon ay ilan lamang ang naorganisa sa pagtatayo ng bagong unyon. Dapat ding maagap na maaresto ang tendensyang mabulid sa ekonomismo ang mga nakakamit na tagumpay sa pang-ekonomiyang pakikibaka kung hindi malubos at mapagpasyang maiangat ito sa pulitika sa proseso ng labanan at pagkatapos, at hindi maisabay ang pag-ani ng tagumpay sa papalawak at pagpapalakas ng rebolusyonaryong kilusang lihim na pangunahing nakasuporta sa armadong pakikibaka sa kanayunan. Masasalamin ito sa limitadong pagpapalahok sa iba pang pakikibakang pampulitika labas sa mga lokal na laban at partikular na laban ng manggagawa at limitado ang suportang naibigay ng sektoral na kilusan laluna ng suportang kadre at pwersa sa makatarungang paglulunsad ng armadong pakikibaka. Mauugat ito sa kabiguang paunlarin ang hukbo ng mga mulat sa uring manggagawa bunga ng mababaw na gawaing pang-ideolohiya sa hanay nila. Sa kalahatan, nananatili ang kamalayan ng mayorya ng masang manggagawa na ating naoorganisa sa antas ng pag-uunyon. Kung hindi lalampasan ng uri ang

antas ng kamalayan sa pag-uunyon at hindi ito maitataas upang maging mulat sila sa kanilang makauring interes at misyon—o bilang mulat-sa-uri—hindi natin maaasahan ang maramihang paglahok nila sa armadong pakikibaka at pamunuan ang pakikibaka ng buong bayan para sa kalayaan at demokrasya at tungo sa kanilang sosyalistang aspirasyon.

Dapat na pansinin din ang labis na pagkiling sa ligal na paraan, kung saan ay labis na naiaasa sa ligal na proseso ang pagdadala ng isyu at laban ng manggagawa lalo na ang sa mga kontraktwal at mga iligal na natanggal, at nakakaligtaang pagsilbihin ito sa pagpapalakas ng rebolusyonaryong kilusang lihim na aktibo sa pulitika at ang pag-asa sa kanilang sama-samang lakas.

Dapat pansinin din ang nagpapatuloy na burukratikong gawi ng pagkilos ng ilang organisador sa kilusang manggagawa. Masasalamin ang maling praktika ng ilang kadre at organisador kundi man sa karamihan na kusang binibitawan ang mayaman at napatunayan ng mabisang praktika, ang praktikang nakalubog sa masang inoorganisa. Makikita ang praktikang ito sa ilang kadre't organisador na kahit deklaradong pultaym ay limitado ang nailalaan sa gawaing masa. Ilan sa mga muling napapansin ang panunumbalik ng natukoy at naiwasto ng "kilos at kaisipang empleyado" at "de-lastikong" manera ng pagkilos at pagiging sibilyanisado na kung kumilos. Nagiging limitasyon din ang pagiging "domestikado" ng ilang kadre't organisador na hindi mailaan ang buong-panahong sa gawain dahil natatali sa mga usaping pampersonal at pampamilya. Kalimitang praktika ang madalas na paglalagi sa kanilang sarili at paboritong bahay, sa opisina at kung lumabas man para sa isang partikular na gawain ay asahan na babalik din matapos ito.

Samantala, pinahihina ang sistemang komite at kolektibong pamumuno ng isang komite kung ang kagawad nito ay hindi aktibo sa pakikipagtalastasan sa komunikasyon o kahit sa mga inilulunsad na pulong. Madalas na solong nakakargo ng kalihim ang bigat ng pamumuno at pagpapasya na dapat ay inaako ng buong kolektibo. Madalas na mapapansin ito sa hindi regular na pagpapadala ng nakasulat na ulat ng nakabababang komite ng Partido sa kanyang nakatataas na Komite, at madalas na kapag nakapag-*chat* ay nasasapatan na. Sa kabilang banda, napagkakaitan din na makapagbigay ng angkop na gabay at direktiba ang nakatataas na Komite kapag ganito ang gawi ng mga nakabababang komite kung kaya't ang tendensya ay magkasya na lamang sa makitid na kaalamang taglay at hindi na magpaunlad pa. Sa ilan pa, mapapansin din ang kawalan ng aktibong partisipasyon sa talastasan ng mga kadre na nagsisilbing tagapagbasa lamang ng talastasan at hindi aktibong nagbibigay ng opinyon para makatulong sa pagpapaunlad sa mga usaping pinag-uusapan.

Ang burukratikong pamumuno ay tagos hanggang sa lokal na antas ng organisasyon sa hayag at lihim. Masasalamin ito sa kawalan ng regular na pulong, matamlay na pagpapagana ng mga makinaryang nasa kanilang saklaw at mangyaring nasasapatan na lamang sa pag-uusap ng ilan na nasa pamunuan. Ang problemang ito sa organisasyon ang isa sa mga magpapaliwanag kung bakit hindi natin nagagawang makapagpundar ng malawak at malalim na solidong lakas at hindi mapalaki ang bilang ng napapalahok sa mga pagkilos at kampanya.

Dagdag pa, kailangan pang magpakahusay sa pagtipa ng piano, sa kung paano wastong ikukumbina ang kampanyang masa't mga masasaklaw na propaganda't pagpapakilos sa pagbubuo ng solidong lakas ng Partido at rebolusyonaryong kilusan at kung paano iuugnay at mapagsisilbi ang partikular sa pangkalahatang mga panawagan at ang kabaliktaran at paano palaging ipapailalim ang lokal at sariling interes sa interes ng kabuuan at mas malalaking laban at sa isang banda paano paglilingkurin ang interes ng kabuuan at malalaking laban sa pagpapalakas sa sarili. Kailangang patuloy na iwasto at

pangibabawan ang mekanikal na pagtupad sa gawain sa istilong pagkatali sa *red-lettered dates* ng kampanya at pakikibakang masa ng hindi nakakapagbukas at nakakapagpaunlad ng sariling laban sa sariling saklaw.

Nararapat na mapagpasyang mabaklas ang burukratismo't liberalismo na patuloy na malakas na umiiral sa ilang mga kadre't kasapi at sa mga namumunong komite ng Partido at kumand ng BHB. Ipinakita ng karanasan ng nagkakailang namumunong komite sa rehiyon na naging mayor na salik upang patuloy na magawang matatag na makatindig, malampasan ang di-birong lakas ng atake ng kaaway at patuloy na makapagpunyaging sumulong ang praktika ng di matatawarang determinasyon, mataas na antas ng *unity and solidity* at aktibo't lapat sa lupang pamumuno. Sa kabilang banda, ipinakita din ng karanasan ng nagkakailang mga larangang gerilya at yunit ng BHB na dumanas ng mga seryosong pinsala't pag-atras sa taong 2023 na naging mayor na salik ang pag-iral ng malakas ng burukratismo't liberalismo ng mga namumunong komite't namumunong kadre ng Partido sa mga ito.

Dagdag pang nakita ang burukratismo sa sumusunod: kabiguang lumapat sa masa upang isakatuparan ang gawaing pampulitika, napakababaw na pandama sa kalagayan ng pwersa, gawain at maging ng masa at kaaway, katamarang mag-aral at magsiyasat at kakampantehang kagyat na iadres ang mga mayor na usapin at gawain, iresponsableng pagpapabayang pangunahang tupdin ang pamumuno sa pwersa't mga gawain, iresponsableng ipaubaya sa mga sekundaryong kadreng pangunahan ang mga pulong at gawain, pagkulong sa sariling pwesto ng walang epektibong ugnay sa pwersa at masang pinamumunuan, pagkalulong at pagbabad sa walang kapararakang kapapanood ng mga pelikula, pakikinig ng tugtog at pag-i-*internet*.

Nakita naman ang liberalismo sa sumusunod: hindi pagpuna sa sariling kamalian at hindi pagtanggap ng pagpuna ng mga namumunong kadre mula sa kanilang mga pinamumunuan gayong malinaw naman ang nagawang pagkakamali, arogansya at kaisipang beterano, mulat na paglabag sa mga disiplina at patakarang pang-organisasyon sa kabila ng paulit-ulit na mga pagpuna sa mga ito, pagpapairal at pagsang-ayon sa sibilyanisasyon at mga gawing sibilyan sa loob ng BHB, pag-iwas sa prinsipyadong pakikitunggali at punahan sa ngalan ng "pagkakaisa at katahimikan", akomodasyon sa mga maling kaisipan at gawing ipinapakita ng mga kasama, pananahimik sa harap ng mga nakikitang kamalian at matapos ay magbulalas ng puna sa labas ng mga tamang kapulungan, magpakatuso sa pamamagitan ng paggamit sa kamalian ng iba upang pagtakpan ang sariling kamalian at gumanti ng puna kapag pinuna ang kamalian, maghasik ng intriga sa mga kasamang kaiba ng pananaw, pagrerekluta ng mga di-kanais-nais na elemento at mga wala sa pamantayan upang maging kasapi ng Partido.

Burukratismo ang pamumunong hiwalay sa masa't pinamumunuan. Inireresulta nito ang mga maling pagsusuri, kapasyahan at patakaran. Nag-aanak ito ng ultra-demokrasya at liberalismo. Kalawang ang mga itong umuuk-ok at nangwawasak sa bakal na pagkakaisa't disiplina ng Partido. Ginagawa nitong lampa ang pamumuno ng Partido sa malakas na pag-atake ng kaaway at sa harap ng napakapaborableng sitwasyon para magkamit ng mga tagumpay at likhain ang mga malalaking pagsulong. Winawasak nito ang Partido mula sa loob. Kailangang-kailangang walang humpay itong labanan hanggang mapangibabawan at maiwasto.

Ugat ng burukratismo't liberalismo ang suhetibismo laluna ang empirisismo, petiburges na indibidwalismo at pagkamakasarili. Dahil dito, mababaw na pagsapol sa MLM at mga saligang rebolusyonaryong prinsipyo ng Partido at pangunahing umaasa sa makitid na karanasan ng sarili, ng iilan at isang tao o grupo. Kailangang matalas at mapagpasyang ugatin ito sa antas ng ideolohiya sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na mga pag-aaral, paglalagom at pamumuno at pagpuna sa sarili. Dapat itong tumbukin ng inilulunsad na kilusang pagwawasto sa kasalukuyan.




## III. ANG ATING MGA MAPANGLABANG TUNGKULIN

Nararapat nating mahigpit na panghawakan at ipatupad ang itinakdang Kagyat at Kritikal na mga Tungkulin upang Palakasin ang Partido at isulong ang Demokratikong Rebolusyong Bayan sa inilabas na pahayag ng Komite Sentral sa ika-55 anibersaryo ng Partido. Ang kagyat at kritikal na tungkuling ito ay ang mga sumusunod:

1. Isulong ang kilusang pagwawasto upang palakasin ang Partido
2. Kumprehensibong iabante pasulong ang rebolusyon:
    a. Pamunuan ang anti-pasista, anti-imperyalista at anti-pyudal na pakikibaka ng malawak na mamamayan laban sa rehimeng US-Marcos

    b. Palakasin ang Bagong Hukbong Bayan, irekober ang mga pag-atras at muling itayo ang baseng masa

    c. Palawakin at palakasin ang rebolusyonaryong kilusang masa sa kanayunan

    d. Palakasin ang rebolusyonaryong kilusang masa sa kalunsuran

    e. Buuin ang malawak na anti-pasista, anti-imperyalista at anti-pyudal na nagkakaisang prente laban sa rehimeng US-Marcos

    f. Palakasin ang ating rebolusyonaryong gawaing internasyunal

Napapanahon at angkop na angkop sa kasalukuyang kalagayan at pangangailangan ng Partido at rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon ang mga nabanggit na tungkuling itinakda ng Komite Sentral. Ipinakita ng ating praktika sa nakaraang 8 taon at sa kagyat na isang taong nakalipas sa mga ibinunga na ng ating pagsisikap na makapagwasto sa ating mga kamalian kasabay ng tuloy-tuloy na paglaban sa kaaway at pagpapalakas. Ganoonman, natalos natin na higante pa ang kailangan nating gawing hakbang upang puspusin ang kilusang pagwawasto at iwasto ang ating mga pagkakamali. Sa ganito lamang tayo maaaring magtagumpay upang ampatin ang mga pinsala at pag-atras upang palakasin ang Partido at pamunuan ang masa sa paglikha ng dakilang mga pagsulong ng demokratikong rebolusyong bayan.

Nararapat nating aralin ang pahayag ng Komite Sentral sa ika-55 anibersaryo ng Partido, kasabay at kaugnay ng pag-aaral natin sa pahayag na ito ng Komiteng Rehiyon. Tulad ng makasaysayang rekord ng Partido sa rehiyon na isa sa nangunang mahigpit na tumangan at nagpatupad sa inilunsad na ikalawang dakilang kilusang pagwawasto noong dekada 90, nararapat na gawin din natin ang ating buong kaya at husay upang ipagtagumpay na maisakatuparan ito sa saklaw ng ating rehiyon sa kasalukuyan nating henerasyon. Mahigpit na hawakan natin ito bilang nangungunang dakilang tungkulin at ambag sa pambansang pagpapalakas ng Partido at rebolusyong Pilipino.

Nararapat din nating muling balikang aralin ang tatlong mapanlabang tungkuling itinakda ng pahayag ng KRTK sa ika-54 anibersaryo ng Partido. Ang mga ito ay ang sumusunod: una, konsolidahin at palakasin natin nang ilang ulit ang Partido sa TK. Ikalawa'y, pakilusin at pamunuan natin ang higanteng lakas ng mamamayan para sa DRB. At ikatlo'y puspusan nating labanan at biguin ang pasistang teror ng ilehitimong rehimeng US-Marcos-Duterte. Malaman at napapanahon pa din ang nabanggit na tatlong mayor na tungkuling itinakda ng pahayag ng Partido sa rehiyon lalut naglalaman ito ng ilang mga detalye sa kaparaanan ng pagtupad sa ating mga tungkulin sa pagpapalakas ng Partido sa ideolohiya, pulitika at oganisasyon. Mahalagang maidagdag ang mga ito sa mga lalamanin na kailangang dapat na magawa sa pagtatagumpay na makamit ang mga tungkuling itinakda sa pahayag ng Komite Sentral sa ika-55 anibersaryo ng Partido.

Sa pagbubuod, upang magtagumpay sa layuning ampatin ang mga pinsala't pag-atras at matatag na maisulong ang rebolusyon hanggang tagumpay, kailangan ang isang disiplinadong proletaryong partido na nasasandatahan ng rebolusyonaryong teorya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo, malalim na nakaugat sa masa at kaugalian ang pagpuna-sa-sarili. Ang partidong ito ang taliba ng uring manggagawa at kumakatawan sa konsentradong lakas ng uri sa ideolohiya, pulitika atrganisasyon.

Para maging karapat-dapat sa kanilang rebolusyonaryong tungkulin, ang bawat Komite at kasapi ng Partido ay dapat buuin ng mga pinakatapat at pinakamatatag na elementong subok sa rebolusyonaryong pakikitunggali sa mga uring mapang-api at mapagsamantala. Bawat kasapi ng Partido ay kailangang magpaunlad sa kanyang proletaryong rebolusyonaryong kamulatan at magpanibagong-hubog sa sarili alinsunod sa mga saligang proletaryong rebolusyonaryong paninindigan at pananaw. K